**MGA TANONG AT MGA SAGOT PATUNGKOL SA PAGBALIK NI CRISTO JESUS**

**NI**

**RAY EWART**

**MGA NILALAMAN**

---

**PAUNANG SALITA**

**INTRODUKSYON**

**PARAAN**

**MGA PANINIWALANG IPINAKIKITA SA MGA TANONG**

**MGA TANONG**

**1. Ano ang lawak ng pagkasunod-sunod ng mga mangyayari**

**2. Isa o may dalawang bahagi ang pagbalik ni Cristo**

**3. May sekreto bang pag-agaw sa mga kristiano**

**4. Ang mga banal ba ay aagawin bago ang dakilang kapighatian**

**5. Magkasabay bang mangyayari ang pag-agaw sa mga kristiano at ang pagbalik ni Cristo na nasa kaluwalhatian**

**6. Ang 1Tesalonica 4:13-18 at Mateo 24:31 ay tumatalakay ba sa iisang pangyayari**

**7. Ang Mateo 24 ba ay para lamang sa mga Judio**

**8.Ang Juan 14:3 ba ay para lamang sa mga Judio**

**9. Magkakaiba kaya ng kahulugan ang mga Griegong salita na Parousia, Epiphaneia at apokalupsis**

**10 .Saan nagmula ang paniniwalang may dalawang bahagi ang pagbabalik ni Cristo**

**11. Ang dakilang kapighatian ba ay para lamang sa mga Judio**

**12. Ang mga trumpeta ba sa Apocalipsis 11:15 at 1Cor.15:52 ay magkapareho**

**13. Ang mga iglesia ba sa Apocalipsis 2 at 3 ay mga Iglesia sa darating na panahon**

**14. Iyon bang pagdating ng Panginoon na tulad sa magnanakaw ay patunay ng sekretong pag-agaw sa mga kristiano**

**15. Maghihirap ba ang mga banal sa poot ng Dios sa panahon ng dakilang kapighatian**
**16. Magkaiba kaya ang Israel at ang Iglesia**
**17. Ang mga tao ba ay maliligtas sa pamamagitan ng gawa sa panahon ng kapighatian**
**18. Magkaiba kaya ang ebanghelyo ng kaharian at ebanghelyo ng biyaya**
**19. Sino at ano ang pumipigil na binabanggit sa 2 Tesalonica 2:6**
**20 .Sinu-sino ang mga kaaway na ipapailalim sa mga paa ni Cristo (1Cor.15:25)**
**21. Babalik ba si Cristo upang manirahan sa lupa**
**22. Bakit sasalubungin natin ang Panginoon sa hangin**
**23. Magkakagulo ba sa lupa pagdating ng pag-agaw sa mga kristiano**
**24. Ang paghatol sa mga banal at ang kasal ng cordero**
**25. Paano at kailan darating ang kapayapaan sa pagitan ng mga Judio at mga Hentil**
**26. Meron bang mga taong matitirang buhay sa panahon ng dakilang kapighatian**
**27. Lahat ba ng hindi ligtas na mga tao sa pagbalik ni Jesus ay itatapon sa impiyerno**
**28. Sinu-sino ang muling bubuhayin pagbalik ni Jesus**
**29. Mayroon bang pan-loob na kadiliman**
**30. Bawat tao ba sa lupa ay sasamba sa hayop**
**31. Sinu-sino ang 144,000**
**32. Sinu-sino ang dalawang saksi**
**33. Ang pagbalik ba ng Panginoon ay malapit ng mangyayari**
**34. Ano ang tanda ng pagbalik ni Cristo**

**35. Anong henerasyon o lahi ang tinutukoy sa Mateo 24: 34**

**36. Ang pag-agaw kaya sa mga kristiano ay ang pagtaliwakas na binabanggit sa 2Tesalonica 2:3**
**37. Bakit popular ang aral tungkol sa sekretong rapture**
**38. Paano natin pakikitunguhan ang mga kristianong iba ang paniniwala sa paksang ito**
**39. Mas marami kayang mga kristiano ang magkakaisa ng paniniwala tungkol mga mangyayari sa darating na panahon**
**40. Inilalarawan ba sa Mateo24:37-42 ang pag-agaw sa mga kristiano**
**41. Sa darating na panahon  malalaman ba natin kaagad kung kailan babalik ang Panginoon**
**42. Bakit ang ibang mga hula ay mahirap maunawaan**

**Appendix**

## PAUNANG SALITA

**Nang si Cristo Jesus ay nandito sa lupa, upang mamatay para sa ating mga kasalanan, sinabi Niya sa kanyang mga alagad na siya ay muling babangon mula sa mga patay, aakyat sa Ama sa langit at, pagkaraan nang ilang panahon ay babalik sa lupang ito upang tapusin ang gawang kanyang sinimulan. Sa aklat na ito ng Mga Tanong at Mga Sagot merong ISANG TANONG NA MAY IISANG SALITANG SAGOT. Kung ITATANONG MO, "*BABALIK PA BA SI CRISTO JESUS?",* ang SAGOT ay tiyak, malinaw, umaalingawngaw, di pagaalinlanganan, *Oo.***

**Samantalang nagsasalita pa si Jesus sa Kaniyang mga alagad, kaunting oras bago Siya ipako sa krus, Kanyang sinabi, " Huwag mabagabag ang inyong mga puso, sumapalataya kayo sa Dios, sumampalataya rin naman kayo sa Akin. Sa bahay ng Aking Ama maraming tahanan: kung hindi gayon sasabihin ko ba sa inyo na ako'y paroroon upang ihanda ko ang lugar para sa inyo. At pagka ako'y pumaroon at maihanda ang lugar para sa inyo*, Ako'y muling babalik* at tatanggapin ko kayo sa aking sarili; upang kung saan Ako naroroon, kayo rin ay naroroon." (Juan 14:1-3). UMALIS nga si Jesus, kaya't Siya ay "MULING BABALIK", ayon sa sinabi Niya!**

**Ang intensyon niyang magbalik ay pinatunayan, ng mga anghel, habang Siya'y umaakyat papunta sa langit mula sa bundok ng mga Olivo, nang sabihin nila, " Ang Jesus na itong kinuha mula sa inyo patungo sa langit, ay babalik gaya rin ng inyong nakitang pagpunta niya sa langit." Laging tinutupad ni Jesus ang Kaniyang mga pangako! Ang unang pagparito ni Jesus ay may kaugnayan sa ating mga kasalanan. Bilang mga makasalanan dapat tayong kondinahin, ngunit Siya ay naparito at namatay bilang kahalili natin. Kinuha at pinasan Niya sa kanyang sarili ang ating mga kasalanan, Siya'y nagtiis at namatay upang bayaran ang halaga na dapat tayo ang magbayad.**

**Ngayon, ang kailangan nating gawin, bawat isa sa atin, ay tanggapin ang ating mga kasalanan, tanggapin ang Kanyang handog ukol sa kasalanan, hingin sa Kanya na maging ating tagapagligtas, at sundin Siya bilang Panginoon ng ating buhay. Lahat nang ito ay pinatunayan ng Salita Ng Dios, halimbawa,**

- **Pinatunayan ng Roma 3:23 na tayo ay makasalanan, " Sapagkat lahat ay nagkasala at hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Dios."**
- **Pinatunayan ng 1 Corinto 15:3 na si Cristo ay namatay para sa ating mga kasalanan, " Si Cristo ay namatay para sa ating mga kasalanan ayon sa mga Kasulatan."**
- **Pinatunayan ng Juan 1:12 na pagka tinanggap natin si Jesus Cristo tayo ay nagiging bahagi ng Kanyang pamilya, "Ngunit ang mga taong sa Kanya**

tumanggap,  binigyan sila ng karapatang maging mga anak ng Dios, silang mga  nagsisampalataya sa Kanyang pangalan."

- Pinatunayan ng Juan 3:16 na ang Dios Ama kasama ang Anak ng Dios sa pagplano at pagbigay nang iisa at tanging paraan ng kaligtasan, "Sapagkat gayon na lamang ang pagibig ng Dios sa sanlibutan na ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa Kaniya ay sumampalataya ay hindi mapahamak kundi magkaroon ng walang hanggang buhay". At pinatunayan din sa Hebreo 9:14 na ang Banal Na Espiritu ay kasama sa buong gawain ng pagliligtas, " Gaano pa kaya ang dugo ni Cristo, Siya na sa pamamagitan ng Walang Hanggang Espiritu ay inihandog ang kanyang sarili na walang dungis sa Dios, ay makapaglilinis ng inyong budhi mula sa mga gawang patay upang makapaglingkod sa Dios na Buhay."

  At maraming pahina ang pwedi nating punuin ng mga talata  mula sa Kasulatan para magpatunay sa mga bagay na ito.

Ang pagbalik ni Cristo Jesus ay ang pinakamahalagang pangyayari sa hinaharap sa daigdig na ito. Ang nakasisindak na katotohanan ay bawat tao,  patay man o buhay, ay apektado nito. Sinabi ni Jesus, " huwag ninyong ipagtaka ito; dahil ang oras ay darating na lahat ng nasa libingan ay makakarinig ng Kanyang tinig at lalabas, ang mga gumawa ng mabuti, sa pagkabuhay na muli sa buhay, at yung mga gumawa ng masama, sa muling pagkabuhay  sa paghatol."(Juan 5:28,29). Bawat tao, maging yung gumagawa ng batas, sumusunod sa batas, or lumalabag sa batas,  ay talagang maaapektuhan ng Kanyang pagbabalik. Bawat pamilya, bawat lipi, bawat bansa, bawat estado, bawat pamahalaan at bawat institusyon ay apektado. Bawat kritiko, bawat taong mapag-alinlangan, bawat taong di naniniwala sa Dios, bawat mananampalataya, bawat taong may mabuting asal at bawat taong walang mabuting asal ay apektado. Walang taong makakatakas sa pangyayaring iyon pati na sa mga bunga o resulta nito. Sinasabi  sa Apokalipsis 1:7, " Narito, Siya ay dumarating sa mga alapaap, at bawat mata ay makikita Siya, maging yung mga taong umulos sa Kanya. At lahat ng lipi sa lupa ay tatangis dahil sa kanya. Gayon nga. Amen. Sinasabi rin sa Apokalipsis 6:15-17, " At ang mga hari sa lupa, ang mga dakilang tao, mayayamang tao, mga pinuno ng hukbo, mga makapangyarihang tao, bawat taong alipin at laya , ay nagsikubli sa mga kuweba at sa malalaking bato sa kabundukan, na nagsasabi sa mga bundok at malalaking mga bato, Tabunan ninyo kami at itago n'yo kami mula sa mukha Niya na nakaupo sa trono at mula sa galit ng kordero! Dahil dumating na ang dakilang araw ng Kanyang kagalitan, at sino ang makakatagal?"

**Maraming dahilan kung bakit  dapat  (kailangang) si Cristo Jesus ay magbalik. Babanggitin ko ang ilan sa mga ito:**

- **Sinabi Niyang siya ay babalik at hindi Siya makapagsisinungaling- (Juan 14:3, " Ako'y muling babalik")**
- **Ibig Niyang ang mga tagasunod Niya ay makasama Niya magpawalang hanggan- (Juan 14:3, " Upang kung saan ako naroroon kayo rin ay naroroon")**
- **Ibig Niyang mahatulan lahat ng taong nabuhay- (Judas 14-15, "Narito, ang Panginoon ay dumarating kasama ang kanyang laksa-laksang mga banal, upang gawin ang paghatol lahat, na parusahan lahat ng hindi maka-Dios na nasa gitna nila, tungkol sa lahat nilang di maka-Dios na gawa na kanilang isinagawa sa di maka-Dios na paraan, at tungkol sa lahat nang malulupit na bagay na sinalita  ng mga makasalanang di maka- Dios, laban sa Kanya.")**
- **At nais Niyang itayo ang isang bagong langit at bagong lupa- (Apokalipsis 21:1-5, " Ngayon, nakita ko ang isang bagong langit at isang bagong lupa, dahil ang unang langit at unang lupa ay naparam na. At ang dagat ay wala na. Sa gayon, Ako, si Juan, nakita ang banal na lungsod, ang bagong Jerusalem, na bumababa mula sa langit galing sa Dios, nahahanda tulad sa isang babaing ikakasal sa kaniyang asawang lalake. At narinig ko ang isang malakas na tinig buhat sa langit na nagsasabi, "narito, ang tabernakulo ng Dios ay nasa piling mga tao, at Siya ay maninirahang kasama nila, at sila ay magiging Kanyang bayan." Ang Dios mismo ay makakasama nila at magiging kanilang Dios. At papahirin ng Dios  bawat luha sa kanilang mga mata; wala nang kamatayan, ni kalungkutan man, ni pagluha. Wala nang sakit, dahil ang mga dating bagay ay naparam na. Kayat Siya na nakaupo sa trono ay nagsabi, "Narito, ginawa kong bago lahat ng mga bagay." At sinabi Niya sa akin, isulat mo, sapagkat ang mga salitang ito ay totoo at tapat."**

  **Kung nais mong malaman ang buong katotohanan, ang payo ko saiyo ay basahin mo ang  Biblia.**

  **Ang pinakamahalagang TANONG sa lahat ng mga TANONG AT SAGOT na ito ay, IKAW BA AY HANDA NA SA PAGBALIK NI CRISTO JESUS? Ikaw lang (at ang Dios) ang nakakaalam ng sagot. Kung ang sagot mo'y " HINDI", ipinakikiusap ko sayo maghanda ka. Iisa lamang ang PARAAN ng paghahanda- Tanggapin ang Panginoong Jesus Cristo na iyong personal na  tagapagligtas at PANGINOON.**

  - **" Malibang ang isang tao ay ipanganak na muli, hindi niya makikita ang kaharian ng Dios," (Juan 3:3)**

- **"Manampalataya ka sa Panginoong Jesus Cristo, at ikaw ay maliligtas" (Gawa 16:31)**
- **Ang mga tumatanggap sa Kanya, binigyan Niya sila ng karapatang maging mga anak ng Dios, sa kanila na nagsisisampalataya sa Kanyang pangalan: na ipinanganak hindi sa pamamagitan ng dugo,ni sa pamamagitan ng kalooban ng tao, kundi sa Dios." (Juan 1:12-13)**

## INTRODUKSYON

**Wala sa sinumang tao ang lahat ng kasagutan! Ang maliit na aklat na ito ay hindi pagpapakita na ako'y may maraming sagot kaysa iba. Ito'y bunga lamang ng paghihikayat na magtanong at magbigay ng mga kasagutan upang maragdagan ang ating kaalaman at pagkaunawa tungkol sa pinaka mahalagang pangyayari na darating panahon, sa daigdig na ito,walang iba kundi ang Pagbalik ni Cristo Jesus. Matitiyak natin na mas marami pang tanong ang darating sa hinaharap, gayunman, ang gawaing ito ay magpapalakas sa atin upang "siyasatin ang mga kasulatan" (Juan 5:39), tulad ng ginawa ng mga taga Berea (Gawa 17:11), dahil 'yan lamang ang lugar kung saan natin matatagpuan ang tamang kasagutan.**

**Sa naunang aklat ( "Katubusan N'yoy Malapit Na.") ay sinikap kong ipakita kung nasaang bahagi na tayo sa programa ng Diyos tungkol sa mga bagay na mangyayari hanggang sa pagbalik ni Cristo at pagkatapos ay itakda ng bahagya ang pagkasunod-sunod ng mga mangyayari na magdadala sa pinakawakas nito.**

**Nang makompleto ko ang kabuuan ng aklat ay nagpa imprenta ako ng mga kopya at ipinamigay ko sa mga taong ibat-iba ang paniniwala sa paksang ito, hiningi ko ang kanilang mga opinyon at mga tanong tungkol sa aking mga pinaniniwalaan. Naging maganda ang mga kasagutan at idinagdag ko ang maikling bahagi tungkol sa "Mga tanong at Mga Sagot" sa huling bersiyon ng aklat. Yan ay nagdala sa akin sa konklusyon na kailangan talaga ang isang aklat para sa mga tanong at mga sagot. 'yan ang maliit na aklat na ito!**

**Hindi nagtagal pakatapos ilabas ang huling edisyon ng "katubusan N'yoy Malapit Na" ako'y inanyayahan sa Pilipinas sa isang maikling panahon ng pagtuturo, tungkol**

**sa mga aspeto ng paniniwala na inilahad ko sa aklat. Lahat ng pagpupulong ay nagwakas sa oras ng pagtatanong at sagot at ang mga ito ay naging malaking pakinabang at ako'y higit na naging masigla upang gawin ang maliit na aklat na ito.**

**Marahil may iba pang epektibong paraan para madagdagan at mapalago ang kaalaman at unawa ng mga tao tungkol sa paksang ito kaysa himukin silang magtanong at ibigay ang mga kasagutan na sinusuportahan ng Biblia. Pagkatapos ng mga pagtuturo, patuloy ang pagdating sa akin ng mga tanong sa pamamagitan ng email. Sa mga sumusunod na mga pahina sinikap kong ipaliwanag lahat ng isyu na itinanong o pinag-usapan.**

## PARAAN NG PAGLALAHAD

**Para maging malinaw ginawa kong lahat ng mga puntos ay sa pamamagitan ng TANONG at SAGOT. At para mabawasan ang pagiging komplikado ng mga sagot, hangga't maaari, minabuti kong limitahan ang isang tanong para lamang sa isang isyu. Sa pagsagot sa ilang mga tanong ay maaaring magkaroon pa ng iba mga tanong ngunit ang sagot ko'y doon lamang sa partikular na tanong na ibinigay.**

**Ang mga tanong ay isinulat nang halos walang pagbabago sa tanong na ibinigay sakin sa pamamagitan ng email, O sa mismong oras ng pagaaral ng Biblia, O sa personal na pakikipagtalakayan sa akin, O sa mismong oras ng "pagtatanong at sagot", O pagkatapos ng pagtuturo. Gayon pa man, sa ilang mga tanong, binago ko ang pagkasulat upang higit na maging malinaw ang intensyon ng tanong, o ang pagkasulat ng sagot. Maikli lang ang mga sagot na ibinigay ko, ngunit sinikap kong sagutin lahat ng aspeto ng mga tanong.**

**May ilang mga tanong at mga sagot na halos magkakapareho. Sa ganitong pangyayari iniwasan kong ulit-ulitin ang mga tanong at sagot. Kaya't upang malaman ng mga bumabasa ang personal kong paniniwala tungkol sa paksa isinulat ko ang unang tanong sa paraang mailalahad ko ang aking paniniwala.**

**Ang pinakamahalagang aspeto ng paraang ito ay: lahat ng mga kasagutan ay sinusuportahan ng mga talata sa Biblia. Wala tayong ibang matibay na pagsasaligan ng ating mga paniniwala.**

**Para maging maayos isang bersyon lamang ng Biblia ang ginamit ko sa pagbibigay ng mga talata at mga reperensya. Sa nauna kong aklat, " Katubusan N'yoy Malapit**

**na", ginamit ko ang King James Version, kaya't para walang anumang pagbabago iyon ding bersyon ng Biblia ang ginamit ko.**

**Sa ibinigay kong ng mga sagot sa mga tanong hindi ko maiwasang gumamit ng mga termino o salitang pan-teleolohiya at pan-relihiyong mga salita na mahirap unawain ng ilang mambabasa. Sa apendiks na nasa huling parte ng aklat na ito ay aking ipinaliwanag lahat ng mga termino o salita na binanggit na kasama sa ganung kategoriya o grupo.**

**Mahalaga ang katotohanan! Dapat magi tayong maingat kung ano ang ating pinaniniwalaan at ating itinuturo. Dapat maging** MAINGAT TAYO SA ATING SINASAMPALATAYANAN **tungkol sa napakahalagang paksang ito. Ang maling paniniwala ay magdadala sa atin sa maling paniniwal at maling pagkilos. Gayunman, huwag nating seryosohin ng labis ang** ATING MGA SARILI. **Hindi babaguhin ng Dios ang kanyang mga plano upang itugma sa paniniwala ng sinuman sa atin, ni hihingin niya ang ating mga payo tungkol sa Kanyang mga plano.**

**Sa karanasan ko maraming tao ang naniniwala sa anumang itinuro sa kanila, nang walang pagsusuri kung ang mga iyon ay naaayon sa Banal na Kasulatan.Sa isang taong tapat hindi niya ituturo ang anumang bagay kung hindi niya pinaniniwalaan ang mga ito. Kaya't, tayo'y hindi dapat magtuligsaan sa isa't isa tungkol sa ating mga pinaniniwalaan, bagkus, dapat hayagan nating pagusapan ang mga pinaniniwalaan natin, hindi dapat natatakot sa mga tanong, upang makita kung tatayo o hindi ang ating mga paniniwala sa pagsusuri batay sa liwanag ng Salita ng Dios. Umaasa akong ang aklat na ito ay makakatulong sa gayung hangarin.**

**Sa unang mga taon bilang isang kristiano tinuruan ako ng mga dispensesyonalista. Sila'y mga taong maka- Dios at iginagalang ko ang kanilang kaalaman at katapatan. Gayunman, habang pinag-aaralan ko ang Salita ng Dios para sa aking sarili unti-unti kong nakita na ang gayong mga turo tulad ng dalawang bahagi ng pagbalik ni Cristo at ang kaugnay nitong paniniwala sa "sekretong" pag-agaw ay hindi sinusuportahan ng Biblia. Sa wakas, sa aking pagbabasa ng Salita ng Dios, ang buong sistema ng dispensesyonalismo ng Iglesia mula sa Pentecostes at magtatapos doon sa inaasam nilang sekretong rapture o pag-agaw na may ibat- ibang ebanghelyo ( Ebanghelyo ng biyaya at ng kaharian) ay nagsimulang gumuho sa harap ng malinaw na turo ng Kasulatan.**

**Umaasa ako at nananalangin na ang aklat na ito ay magpapalakas at makakatulong sa pagaaral tungkol sa paksa ng pagbalik ni Cristo Jesus upang ang mga maling palagay o kuro-kuro, pati na ang anumang nasa akin, ay mawala at magbigay daan sa isang tunay na pagkaunawa ng aral na nasa Salita ng Dios.**

## MGA  PANINIWALANG IPINAKIKITA SA MGA TANONG

**Sinomang nag-aaral tungkol sa pagbalik ng Panginoon ay kaagad niyang makikitang maraming ibat-ibang paniniwala tungkol sa paksa. Habang ang mga tanong ay ibinibigay sa akin, nakikita kong ang karamihan sa mga ito ay galing sa mga taong naturuan ng mga aral ng dispensesyonalismo. Inaamin ko, hindi ako nagulat tungkol dito. Sa aking karanasan nakita kong ang mga taong naniniwala sa dispensesyonalismo ay may malaking interes sa paksang ito.**

**Ang aking dahilan sa pagbigay pansin tungkol dito sa mga bumabasa ng aklat na ito ay upang alisin ang anumang palagay o haka na maari mong makuha sa pagbasa nito na ito'y pinuno ko ng gayong mga tanong upang magkaroon ako ng pagkakataong atakihin ang paniniwalang dispensesyonalismo.  Binanggit at binigyan kong diin ang dispensesyonalismo (ibinigay ko ang kahulugan nito sa apindiks) dahil malinaw na ito ang pinagmulan ng maraming mga tanong, ngunit  yung mga tanong ay yaong mismong ibinigay sa akin.**

**Ang paniniwala ko'y  ginawa kong malinaw sa isang aklat ( "Katubusan Mo'y Malapit Na") at sa simpling salita ay inulit ko ang mga ito sa umpisa, sa aking sagot sa tanong #1. Syempre ang  paniniwala ko'y  naiiba sa ibang mga paniniwala tungkol sa paksang ito.Gayunman, hindi ko binanggit yung ibang mga paniniwala, at hindi ko rin binanggit yung  paraan nila ng interpretasyon ng  Kasulatan na naging dahilan ng magkakaibang paniniwala, para maiwasang kong gumamit ng mga salitang pang teolohiya at mahirap maintindihan.**

**Sa pagbibigay limitasyon sa aking sarili binanggit ko ang isa lamang na paniniwala na iba sa paniniwala ko. Marahil binanggit ko ang dispensesyonalismo sa mga pangyayari na meron silang partikular na kaugnayan sa ibang paniniwala. Kayat, humihingi ako ng paumanhin sa mga dispensesyonalista (na aking iniibig bilang kapuwa kristiano) sa anumang  sapantaha na nagawa ko na sila lamang ang naiiba sa akin tungkol sa mga bagay na ito.**

## MGA TANONG

**TANONG #1**

**Sa iyong opinion, ano ang lawak ng pagkasunod-sunod ng mga pangyayari na may kaugnayan sa pagbalik ni Jesus Cristo?**

**SAGOT**

**Sa aking paniniwala may mga hula na dapat matupad bago bumalik ang Panginoon. Kung matutupad ang mga ito nakikita kong ang pagkasunod-sunod ay ganito:**

**. Ang Israel ay lulusubin ng grupo ng mga bansa gaya nang sinasabi sa Ezekiel 38 at 39**
**. Muling itatayo ng mga Judio and templo (Na papasukan ng Hayop o anti-cristo upang matupad ang 2Tesalonica 2:4)**
**. May mga kristianong tatalikod sa pananampalataya gaya ng inihula sa 2Tesalonica 2:3**
**. Ang Hayop ay darating o lilitaw sa daigdig gaya ng hula sa 2Tesalonica 2:3**
**. Mangyayari ang Dakilang kapighatian tulad ng sinabi ng Panginoon sa Mateo24:21**
**. Kaagad pagkatapos ng Kapighatian darating ang Panginoon tulad ng nakasulat sa Mateo 24:29-31**
**. Ang pagbalik n'ya ay maluwalhati tulad ng sinasabi sa Mateo 24:30**
**. Ang maluwalhati niyang pagbalik ay kasama ang rapture o pag-agaw sa mga banal gaya ng sinabi sa Mateo 24:31**

**Marami pang ibang mga talata ang pweding ibigay para suportahan ang ganitong pagkasunod-sunod ng mga mangyayari. Ang ilan sa mga ito'y mababanggit sa mga sagot sa susunod na mga tanong.**

**TANONG #2**

**Ang pagbalik ba ni Cristo ay minsan lang o may dalawang bahagi?**

**SAGOT**

**Ito ay isang pangyayari lamang. Ang pagbalik ni Cristo Jesus ay inilarawan at binanggit sa maraming mga talata ng kasulatan ( Halimbawa: Daniel 2:44 at 7:13-14, 18,22 at 27; Zacarias 14; Mateo 13:24-30 at 36-43, 24:1-25,46 at ng katulad na mga talata nito sa ibang Ebanghelyo; Juan 14:2,3; Gawa 1:9-11 at 3:19-21; 1Corinto 15:51-54; 1Tesalonica 2:19, 3:12-13, 4:13-5:11; at 5:23; 2 Tesalonica 1:3-12; Tito 2:11-14; Hebreo 9:24-28, 10:37 at 12:25-29; Santiago 5:7-9; 1Pedro 1:13 at 5:2-4; 2Pedro 3;**

**1Juan 2:28-3:3; Judas 14, 15 at Apokalipsis 1:7,25-28, 3:11-12, 6:12-17, 11:15-19, 16:15, 19:11-20:6, 22:12-13 at 20). Wala ni isa sa mga talatang ito ang nagtuturo sa anomang paraan, na ang pagbalik ni Cristo ay may dalawang bahagi. LAHAT AY NAGLALARAWAN NG ISANG PANGYAYARI LAMANG.**

**Katulad ng Hebreo 9:24-28, sa mga talatang ito'y binigyang diin ang katotohanang ang pagbalik ni Cristo ay ISANG PANGYAYARI LAMANG. Tandaan na sa talatang 26, pagka tinutukoy ang Kanyang unang pagparito sinasabing, "ngunit ngayon siya'y MINSANG nahayag sa wakas ng sanlibutan." Ang katotohanang ito'y inulit sa talatang 28 kung saan sinsabing: " si Cristo'y MINSANG inihandog upang pasanin ang mga kasalanan ng marami" at sa pagpapatuloy sinasabing, " at sa mga naghihintay sa Kanya Siya'y pakikita sa IKALAWANG pagkakataon na hiwalay sa kasalanan tungo sa kaligtasan." Malinaw Na si Jesus ay babalik ng MINSAN o isang beses lamang. Kung paanong ISANG beses ang una nyang pagparito ay gayundin ang kanyang pagbalik: ISANG BESES LAMANG (walang ikalawa o ikatlong pagbabalik).**

**TANONG #3**

**Magkakaroon ba ng isang "lihim" na pag-agaw o rapture? Ang ibig kong sabihin, babalik ba si Jesus upang kunin ang Kanyang mga banaL nang hindi nalalaman ng mga tao sa daigdig?**

**SAGOT**

**Hindi. Ang kasulatan ay walang binabanggit na ganung pangyayari.**

**Gaya ng sagot ko sa Ikalawang tanong, ang Panginoon ay babalik ng isang beses lamang. Ang pagbabalik na 'yan ay masasaksihan ng lahat, at ito'y pinatutunayan ng Revelation 1:7: "at makikita siya ng bawat mata." Iyan ang pinaka simpling lihim na mararanasan ng daigdig. Pinatunayan din ito sa Matteo 24 nang sabihin sa talatang 30 na,**

**" at tatangis lahat ng mga tribu sa lupa, at kanilang makikita ang Anak ng Tao na dumarating sa mga alapaap ng langit na may dakilang kapangyarihan at kaluwalhatian."**

**Aagawin ang mga banal sa araw ng maluwalhati niyang pagparito.**

**TANONG #4**

**Ang mga banal ba ay aagawin ng Panginoon bago dumating ang Dakilang Kapighatian?**

**SAGOT**

**Hindi. Sila'y aagawin pagbalik ng Panginoon, pagkatapos ng Dakilang Kapighatian.**

**Ito'y malinaw sa Mateo 24:29-31. Itinakda ng talatang 29 kung kailan magaganap ang pagbalik, iyon ay: "Kaagad pagkatapos ng kahirapan sa mga araw na iyon" (at sinasabi ng talatang 21 na ang paghihirap na yaon ay ang pinakamasama na darating sa daigdig, o mangyayari man, at mararanasan ng tao). Ayon sa talatang 30, sa panahong iyon, pagkatapos ng dakilang kapighatian, babalik ang Panginoon na nasa kaluwalhatian, at sa panahong iyon**

**, na binabanggit sa talatang 31, ang mga banal ay aagawin at "titipunin." Gaya ng pinatutunayan sa 2 Tesalonica 2:1, iyon ay "pagtitipon sa Kanya (Kristo)."**

**TANONG # 5**

**Ang pag-agaw ba sa mga banal ay magaganap kasabay ng maluwalhating pagbalik ni Kristo?**

**SAGOT**

**Oo. Maraming magaganap kasunod ng maluwalhating pagbabalik ng Panginoon (na binabanggit ng mga talata tulad ng Apocalipsis 11:15-19 at 19:11-20:4). Isa sa unang-unang mangyayari ay ang pag-agaw sa mga banal, na sinasabi sa Mateo 24:29-31 at binanggit sa sagot sa naunang tanong.**

**TANONG # 6**

**Ang pangyayari bang binabanggit SA 1 Tesalonica 4:13-18 ( sa paniniwala ko'y tungkol sa pag-agaw ng mga banal) ay parehong pangyayari na binabanggit sa Mateo 24:31?**

**SAGOT**

**Oo. Ang 1 Tesalonica 4:13-18 ay itinuturing na pangunahing mga talata na naglalarawan ng pag-agaw sa mga banal. Nakapagtataka na ito'y ginagamit rin ng marami upang itaguyod ang maling paniniwala tungkol sa "lihim na pag-agaw o rapture." Ito'y mahirap paniwalaan dahil ang naturang talata ay isinasalarawan ang isang maingay, hayagan, isang pangyayari na makikita ng buong-mundo at napakalawak, ang ibig sabihin:**

> **Naroon ang "sigaw", v. 16 (ihambing sa Juan 5:25)**
> **Naroon ang "trumpeta", v. 16**

**May milyun-milyong babangon mula sa kamatayan.**
**May milyun-milyong mga banal ang binabago (being transformed) at aagawin, v. 17.**

**Ang ilarawan ang ganyang pangyayari na hindi makikita o malalaman ng buong sangkatauhan ay ang banatin ang imahinasyon hanggang sa pagkasira nito. Dapat ding ipakita na ang mismong mga naniniwala na ito'y sekreto o lihim ay siya ring gumagawa upang ito'y hindi maging lihim, dahil ito ay nangingibabaw sa kanilang pampublikong pangangaral at sa mga gamit nila sa pagtuturo at sa kanilang mga kathang (fiction) kwento at mga pelikula.**

**Ang 1 Tesalonica 4:13-18 ay talagang kasang-ayon sa nakasulat Mateo 24 dahil ipinakikita ang parehong mga pangyayari:**

**Pagbaba mismo ng Panginoon – 1 Tesalonica 4:16/ Mateo 24:30**
**Tunog ng trumpeta – 1 Tesalonica 4:16/ Mateo 24:31**
**Pagkuha sa mga banal – 1 Tesalonica 4:17/ Mateo 24:31**
**Presensiya ng mga Anghel – 1 Tesalonica 4:16/ Mateo 24:31**

**Ang konklusyong ito ay totoo pagka inihambing sa ibang mga talata ng Biblia. Halimbawa, sinasabi sa 1 Tesalonica 4:16 na "ang mga namatay kay Kristo ay babangon." Ang Apocalipsis 20:5, bilang bahagi ng detalyadong paglalarawan ng pagbabalik ng Panginoon (Apocalipsis 19:11-20:6) ay nagsasabi sa atin na ang Pag-agaw ay mangyayari sa katapusan ng Dakilang kahirapan (matapos puksain ang Hayop – Apocalipsis 19:20).**

## TANONG #7

**Pwede kaya na ang Mateo 24 ay isinulat para sa mga Judio at ang 1 Tesalonica 4:13-18 ay para naman sa mga Hentil na kristiano ( ibig sabihin ang mga Judio ay dadaan sa Matinding Paghihirap ngunit ang mga Hentil na kristiano ay hindi) ?**

## SAGOT

**Hindi. May ilang mga dahilan Kung bakit iyan ay hindi maaring mangyayari.**

**Ang Mateo 24 ay nagtuturo sa atin ng maraming mga bagay na mangyayari sa bansang Israel, ngunit ang impormasyon ay ibinigay para sa kaalaman ng lahat (para**

**sa Judio at sa Hentil). Ang Mateo 24 ay nagpapatuloy hangang sa Mateo 25. Ang kasagutan ng Panginoon sa tanong (o mga tanong) na binabanggit sa 24:3 ay makikita mula 24:4 hanggang 25:46. Ang buong daigdig ay kabilang at apektado nang mga bulaang Kristo ng 24:5, nang mga digmaan ng 24:6, at nang mga kaguluhan sa 24:7, at iba pa. Ang naligtas na mga Judio at Gentil ay samasama sa pagpapakalat ng ebanghelyo (24:14); at lalong tiyak na ang buong mundo ay may kaugnayan sa pagbabalik ni Cristo Jesus (24:27-31) at nang iba pang magaganap kasunod nito (25:31-46). Malinaw na ang Mateo 24 ay para sa Judio at sa Gentil, sa nananampalataya at sa hindi nananampalataya.**

**Bilang karagdagan, dapat ring alalahanin na:**

> **Magkakaroon lamang ng ISANG pagkabuhay muli nang mga matuwid mula sa mga patay (Lucas 14:14, Juan 5:29, Apocalipsis 20:4-6) kayat hindi maaring magkaroon ng dalawang muling pagbuhay ng mga Kristiyano ( ang isa ay para sa mga Judio at isa para sa mga Gentil).**
> **Ang mga naligtas na Judio at ang mga naligtas na Gentil ay pinagsama sa isang katawan (ang simbahan o iglesia) (Efeso 2:11-22)**
> **Ang sagot sa ika-apat na tanong ay nagpatunay na ang pag-agaw sa mga banal ay magaganap pagkatapos ng Dakilang Kahirapan, kayat ang mga kristiano (Judio at Gentil) ay dadaan sa Kahirapang iyon.**
> **Ang sagot sa ika-anim na tanong ay nagpatunay na ang Mateo 24:31 at 1 Tesalonica 4:13-18 ay naglalarawan ng iisang pangyayari.**

**Dahil sa mga bagay na ito ang sagot sa tanong ay "hindi."**

## TANONG # 8

**Sa Juan 14:3 ipinangako ni Jesus sa kanyang mga alagad na "kung nasaan Ako naroon , kayo naman ay dumoon." Ang pangako bang ito ay para sa mga alagad lamang? O sa mga Judio lamang? O para sa lahat ng mga totoong tagasunod Niya, maging Judio o Gentil? Ang lahat ba ng mga tunay na mananampalataya, maging Judio o Gentil, ay may iisang lang na paroroonan?**

### SAGOT

**Ang Juan 14:3 ay maaring iugnay sa iba pang talata ng Biblia (gaya ng Juan 12:26 at 17:24) ngunit ang pangako iyon ay ibinigay para sa lahat ng banal na aagawin upang salubungin ang Panginoon sa Kanyang pagbalik (1 Tesalonica 4:17 "sa gayon tayo'y makakapiling o makakasama ng Panginoon).**

**Ang lahat ng tunay, mga muling ipinanganak na kristiano (ang Iglesia) maging Judio o Gentil, ay may iisa lamang na destinasyon. Ako'y naniniwala na nang ibigay ni Kristo ang pangako sa Juan 14:3, tinutukoy niya ang bagong langit at lupa na binabanggit sa Apocalipsis 21. Sa kapitulong iyon, makikita natin ang Iglesia, "ang nobya, ang Asawa ng Kordero" (v. 9). Ang "Kordero" ay kasama ng Kanyang nobya (vs. 3 at 22-23).**

<u>TANONG # 9</u>

**Pagka tinutukoy ang pagbalik ni Cristo Jesus ang Biblia ay gumagamit ng tatlong (3) ibat-ibang salita. Ito ay ang mga sumusunod: Parousia, Epiphaneia at ang Apokalupsis. Ang mga salita bang ito ay tumutukoy sa iisa o parehong pangyayari? O, ito'y nagpapahiwatig na Siya ay babalik ng higit sa isang beses at ibat-iba ang layunin?**

SAGOT

**Bawat isa sa mga salitang ito ay tumutukoy sa iisang pangyayari, at iyon ay ang nag-iisa at tanging pagbabalik ni Cristo Jesus**

> **Ang "epiphaneia" ay tumutukoy sa pagbalik Niya sa Kaluwalhatian (Tito 2:13)**
> **Ang "apokalupsis" ay tumutukoy din sa Kanyang pagbalik sa Kaluwalhatian (1 Pedro 4:13)**
> **Ang "parousia" at "epiphaneia" ay parehong ginamit sa iisang pangyayari (1 Tesalonica 2:8)**

**Ang 2 Tesalonica kapitulo 2 ay napaka gandang kapitulo sapagkat yung** DALAWA SA TATLONG SALITA AY GINAMIT PATUNGKOL SA IISANG PANGYAYARI. **Ang talatang 1 ay nagsasabi, "Ngayon kami ay namamanhik sa inyo mga kapatid, sa pagbabalik ("parousia") ng ating Panginoong Jesus Cristo ..." at ang talatang 8 ay patuloy na nagsasalita ukol sa pagbabalik na iyon, sinasabi na ang Panginoon mismo "ay pupuksain (ang Hayop) sa pamamagitan ng kaliwanagan ("epiphaneia") ng Kanyang pagdating ("parousia")".**

**Malinaw na ang mga salita ay ginamit na may iisa o parehong kahulugan.**

**Nararapat ding pansinin na, bagamat ang "epiphaneia" ay ginamit patungkol sa pagbalik ng Panginoon, yung dalawang ibang salita ay hindi lang ginamit tungkol sa pagbabalik ni Jesus Cristo. Ang "parousia" ay ginamit din sa pagdating ni Stefanas, Fortunatus at Achaius (1 Corinto 16:17), sa pagdating ni Tito (2 Corinto 7:6) at sa pagdating ni Pablo (Filipos 1:26) at iba pa. At ang "apokalupsis" ay ginamit sa liwanag na tatanglaw sa mga Gentil (Lukas 2:32), at ginamit din ito sa kapahayagan ng mga anak ng Diyos (Roma 8:19) at sa**

**mga espirituwal na kapahayagan (2 Corinto 12:1 at 7) at iba pa. Pinapawi nito ang anumang pakahulugan na ang mga salitang ito ay ukol lamang sa isang partikular na layunin upang bigyang pakahulugan ang isang aral o ihayag dito ang mga di pa ipinapaalam na detalye patungkol sa pagbalik ni Cristo Jesus.**

**Iniaaral ng dispensesyonalismo ( mga taga sunod ni Darby, Scofield at iba pa) na ang salitang " epiphaneia" na isinalin sa mga salitang "pagpakita, kapahayagan, o kaliwanagan" at ang salitang "Apokalupsis" na isinalin sa salitang "kapahayagan" ay kapwa tumutukoy sa pagbalik ni Jesus pagkatapos ng Dakilang kahirapan KASAMA nang kanyang mga banal, ngunit ang " Parousia" na isinalin sa mga salitang "pagparito, presensya o pagdating" ay tungkol sa pagparito ng Panginoon PARA KUNIN ang KANYANG mga banal BAGO mangyari ang Dakilang kahirapan. Totoo na ang "epiphaneia" at "apokalupsis" ay tungkol sa pagbalik ni Cristo Jesus pagkatapos ng kapighatian, at gayundin ang "Parousia", dahil ang 1Tesalonica 3:13 ay nagsasalita tungkol pagparito (Parousia) ng ating Panginoon KASAMA NG Kanyang mga banal." Ang totoo 'yun ay ISANG PAGPARITO NI CRISTO JESUS PARA kunin at ISAMA ang KANYANG mga banal PAGKATAPOS ng dakilang KAHIRAPAN, gaya ng inilarawan sa 1 Tesalonica 4:13-18, kung saan "Mismong ang Panginoon" (talatang 16) ang bababa mula sa langit dala "ang mga natutulog kay Jesus" (talatang 14)- KASAMA NIYA habang siya'y pumaparito PARA kunin ang "mga nabubuhay at natitira" (talatang 17).**

**TANONG # 10**

**Saan nagmula ang maling aral na ang pagbabalik ni Cristo Jesus ay may dalawang bahagi (two-stage)?**

**SAGOT**

**Hindi yan mula sa Biblia!**

**Ang ibig kong sabihin, hindi yan nagmula sa tamang interpretasyon ng Biblia.Iyan ay nanggaling sa maling interpretasyon ng Biblia. Dapat kong sabihin ito, dahil ang layunin ko sa pagsulat ng aklat na ito ay magbigay ng mga kasagutang GALING SA BIBLIA.**

**Ang sagot sa TANONG #2 ay malinaw na isang beses lamang babalik si Cristo Jesus at sinasabi sa atin ng Mateo 24:29 na 'yan ay mangayayari "kaagad pagkatapos ng kahirapan."**

**Ang modernong dispensationalismo ay matutunton natin sa pinagmulan nito sa mga turo ni John Nelson Darby galing sa Plymouth Brethren Movement. Noong 1833, sa ikatlong komperensiya (At the third Powerscourt conference) nila ay ipinakilala ni Darby ang doktrinang pag-agaw sa mga kristiano bago ang dakilang kapighatian (pre-tribulation rapture). Hindi naniwala ang ibang mga lider sa aral na nito at humantong sa mga pagtatalo na nagresulta sa pagkahati nang grupo. Gayunpaman, ang paniniwala ni Darby ang nakakuha ng malawak na supporta na nagtulak sa pagbuo ng detalyadong sistema ng dispensationalismo.**

**Ang paniniwala niya ay katulad ng paniniwala ng mga unang Charismatic, at nang itiniwalag ng pastor ng Scots Presbyterian,na**

**si Edward Irving, na siyang pundador ng Catholic Apostolic Church. May kaparehong aral ito na matutunton sa mga Katolikong eskolar mula pa noong 16th siglo. Gayunman, sa isang banda di mahalaga ang pinagmulan ng mga aral. Ang importante ay makita ang maling aral at iwasan ito.**

TANONG # 11

**Ang Dakilang Kapighatian ay inihula sa Lumang Tipan (Daniel 12:1) at tinatawag na " kaguluhan ni Jacob" Nangangahulugang ito'y para sa bansang Israel. Bakit tayo maniniwala na ang mga miembro ng Iglesia ay dadaan doon?**

SAGOT

**Totoo na ang Israel ay dadaan sa dakilang kahirapan. Gayunpaman, Hindi ito para sa Israel lamang.Nilinaw ng Lumang Tipan na ito ay para sa "lahat ng nakatira sa lupa," at para sa "lahat ng laman" (Jeremias 25:30-31). Pinatunayan din ng Bagong Tipan na ito'y darating sa "buong sanlibutan" (Apokalupsis 3;10)**

**Malaki ang impormasyon na ibinigay sa aklat ng Apokalupsis kung ano ang mangyayari sa daigdig sa panahon iyon ( partikular sa kapitulo 6 hanggang 19) ngunit malinaw na ang mga anak ng Dios ( mga muling ipinanganak, mga Judio at mga Gentil) ay naririto pa rin sa lupa sa panahong iyon. Sa Apokalipsis 7:3, tinawag silang "mga alipin ng ating Dios", sa Apokalipsis 12:17, sila ang "mga tumutupad ng mga utos ng Dios at taglay ang patotoo ni Jesus Cristo" at sa Apokalipsis 13:7 sila yung "mga banal."**

**Ang dahilan kung "BAKIT" dapat nating paniwalaan ito ay simple, 'yan ang sinasabi ng kasulatan. Gayon man, may mga pagkakataon, na itinatanong pa natin kung bakit sila naroroon. Ang mga banal ng Dios ay dumaan na sa bawat panahon ng kahirapan sa daigdig. Bakit hindi nila dadaanan ang isang ito?**

**TANONG # 12**

**Sa palagay mo ang ikapitung Trumpeta sa Apokalipsis 11:15 at ang huling trumpeta sa 1Corinto 15:52 ay iisa o pareho?**

**SAGOT**

**OO. May ilang mga bagay ang nagdala sa akin sa ganitong konklusyon:**

> **Ang ikapitung trumpeta ng Apokalipsis 11:15 ay ang HULI sa pitung trumpetang binabanggit sa Apokalipsis 8:2 at 6.**
> **Sinasabi sa atin sa Apokalipsis 10:7 na " sa mga araw ng tinig ng ika-pitung anghel, pagka nagsimula siyang magpatunog ng trumpeta, ang sekreto o lihim ng Dios ay matatapos,"**

**Pagpinatunog ng ika-pitung anghel ang trumpeta, ang Panginoon ay babalik (Apokalipsis 11:15-18).**

> **Ang trumpeta sa 1 Corinto 15:52 ay sinasabing "ang HULING" trumpeta, Pagka ang trumpeta ng 1Corinto 15:52 ay tumunog na babalik ang Panginoon (1Corinto 15:51-57).**

**May IISA lamang na trumpeta, kaya't ang Apokalipsis 11:15 at 1Corinto 15: 52 ay tumutukoy sa iisang trumpeta.**

**TANONG # 13**

**Ang mga simbahan o Iglesia na binabanggit sa Apokalipsis kapitulo 2 at 3 ay mga Iglesia ba sa darating na panahon?**

**SAGOT**

**Hindi. Ang mga Iglesiang ito'y umiiral na sa panahon ni Juan. Inutusan si Juan na sumulat sa kanila ( Apokalipsis 1:11, 2:1, 2:8, 2:12, 3:1, 3:7, 3:14)**

**<u>Gayunpaman, ang mga mensahe na ipinadala sa mga Iglesiang ito ay may mga aral para sa lahat ng simbahan sa lahat ng panahon</u>. At sa makatuwirang pangyayari ang kondisyon ng mga Iglesiang napili para padalhan ng mga mensahe ay ipinakikita ang espirituwal na kondisyon ng pangkalahatang mga simbahan , sa buong panahon.**

**Ang mga kasulatan ay may iisang interpretasyon ngunit maraming aplikasyon.**

**TANONG # 14**

**Ang Apokalipsis 16:15 at 1 Tesalonica 5:2 ay ngasasabing ang pagbabalik ng Panginoon ay tulad sa isang magnanakaw sa gabi. Nagpapatunay ba ito ng sekretong Rapture o pag-agaw sa mga kristiano?**

**SAGOT**

**HINDI. Pinatutunayan nito na hindi natin alam kung anong araw o, oras talaga babalik ang Panginoon, ngunit pagka Siya ay bumalik 'yan ang pangyayari na masasaksihan ng buong daigdig (Apokalipsis 1:7)**

**Pinatunayan ng buong konteksto ng dalawang talata na ang pagbalik ng Panginoon ay makikita ng sangkatauhan at mangyayari sa wakas ng Dakilang kapighatian.**

**Sa Apokalipsis 16:15 makikitang ibinigay ng Panginoon ang pangako bago ang pagtipon sa Armageddon (talatang 16). Dumating na ang pakikipagdigma laban sa Hayop at sa kanyang hukbo ngunit hindi pa bumabalik ang Panginoon! Ang pagbabalik niya ay binanggit ng detalyado sa (19:11-20:6) at samantalang siya'y bumababa kanyang pupuksain ang Hayop (19:19-20) at itatayo ang Kanyang 1,000 taon na paghahari.**

**Ang 1 Tesalonica 5:2 ay bahagi/parte ng salaysay na nag-umpisa sa kapitulo 4: 13 hanggang sa kapitulo 5 :11. Sa mga talatang ito makikita natin ang pagbalik ng Panginoon (4: 16), ang muling pagkabuhay ng mga banal ( 4:16) ang dagliang pagbabago sa nabubuhay na mga banal ( 4:17) at ang pagpuksa sa Masama (5:3).**

**Ang mga talata ay sumusuporta sa isa't isa at katugma nang iba pang mga talata na tumatalakay sa Pagbalik ng Panginoon.**

**Mahalagang pansinin ang mga talatang 4 at 5 ng 1 Tesalonica 5 ay nagsasabi sa atin na hindi tayo daratnan ng Araw ng Panginoon tulad sa isang magnankaw.**

**TANONG # 15**

**Ang galit ng Dios ay ibubuhos sa Dakilang Araw ng kahirapan (Apokalipsis 15:1). Sinasabi ng 1Tesalonica 5:9 na "hindi tayo itinalaga sa kagalitan." Hindi ba't ito'y salungat sa paniniwalang ang rapture o pag-agaw sa mga kristiano ay pagkatapos ng dakilang kahirapan?**

**SAGOT**

**Sa 1 Tesalonica binanggit ni Pablo ng ilang beses ang galit ng Dios. SA kapitulo 1 bersikulo 10 kanyang sinabi na kanilang hinihintay ang pagbalik ni "Jesus, na siyang nagligtas sa atin mula sa galit na darating." Ang galit na darating sa pagbalik ni Jesus ay walang hanggang galit sa dagat ng apoy. Ito ang galit na binabanggit sa kapitulo 5: 9. Ang mga banal ay hindi itinalaga sa galit na iyon, kundi sila'y itinalaga sa kaligtasan. Ito ang malinaw na sinasabi ng talata, "Sapagkat hindi tayo itinalaga ng Dios sa galit, kundi ang tumanggap ng kaligtasan sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesus Cristo."**

**Hindi tinutukoy ng talata ang dakilang kahirapan at walang sinasabi tungkol sa panahon o araw ng pag-agaw o rapture.**

**Kung ang mga banal ay kailangang alisin sa lupa upang protektahan sa panahon na ibubuhos ng Dios ang kanyang galit, kung gayon dapat inalis sila sa lupa nang maraming beses o paulit-ulit sa nagdaang panahon at dapat wala na tayo dito sa lupa ngayon. Tingnan mo sa konkordans ang mga talatang tungkol sa galit ng Dios. Ito'y maraming beses o ulit nang ibinuhos sa nagdaang mga panahon (Exodus 15:7) at patuloy na ibubuhos (Efeso 5:6). Walang saysay na pipili lamang ang Dios ang isang partikular na panahon na ibubuhos ang kanyang galit at aalisin niya ang kanyang mga anak sa daigdig na ito.**

**Sa panahon ng malaking kapighatian, tulad ng sinabi mo, ay ibubuhos ng Dios ang galit (Apokalipsis 15:1) ngunit iingatan ang mga banal (ihambing sa Apokalipsis 7:1-3 at 9:4)( at totoong sila ay iingatan DAHIL SILA'Y NASA LUPA SA PANAHONG IYON!). At sa panahon ding iyon ibubuhos ni satanas ang galit niya (Apokalipsis 12:12) at ibubuhos din ng mga masasamang tao ang galit nila (Apokalipsis 13:7) at lalasapin ng mga banal ang kahirapan mula sa dalawang ito (Apokalipsis12:17 at 13:7).**

**Ang sagot ay malinaw. Walang kontradiksyon. Nakasulat sa 1Tesalonica ang mga katotohanang ito:**

> **Ang masama ay pupuksain- talatang 3**
> **Ang mga banal ay tatanggap ng kaligtasan- talatang 9**
> **Mangyayari ang mga ito ay "sa ARAW ng Panginoon"- talatang 2-4 (Pagkatapos ng Malaking Kahirapan).**

## TANONG # 16

**Sa aking pagkaunawa ANG IGLESIA ay itinayo ni Cristo Jesus nang siya ay nasa lupa pa (Mateo16:18) at ito yung sekreto na inihayag sa Efeso 2:13-19 at 3:1-6. Kung gayon, hindi ba tama ang konklusyon na dapat paghiwalayin at bigyang pagkakaiba**

**ang ISRAEL at ang IGLESIA ? Sa ganito, anumang ipinangako ng Dios sa ISRAEL (ang kaharian sa lupa) ay di pweding ibigay sa Iglesia at anumang ipinangako sa IGLESIA (ang kaharian sa langit) ay di pweding ibigay sa Isarel?**

**SAGOT**

**Ito'y mahalagang tanong. Gayunpaman, ito'y maling aral na hinaluan ng ilang katotohanan. Dapat nating paghiwalayin ang dalawa bago ito mabigyan ng malinaw na kasagutan.**

**MGA KATOTOHANAN: Oo, ang ISRAEL at ang IGLESIA ay magkaiba at hiwalay**

**Ang ISRAEL ay isang bansa (Roma 9:1-5 + 11:1)**
**Ang IGLESIA ay katawan ni Cristo (Efeso 1:18-23)**

**Oo, tatanggap ang ISRAEL ng ipinangakong kaharian sa lupa**

**Oo, tatanggap ang IGLESIA ng ipinangakong kaharian sa langit**

**MGA MALI: Hindi, hindi ginawa o itinayo ni Jesus ang Iglesia nang siya ay nasa lupa.**

**Pinatutunayan ng Mateo 16:18 na patuloy ang pagtayo ng Iglesia.**

**-Hindi. Ang Efeso kapitulo 2 at 3 ay hindi nagsasabi na tapos nang itayo ang Iglesia.**

**- Patuloy itong itinatayo**

**Matapos kong sabihin 'yan, kailangang bigyan ng direkta at malinaw na sagot ang katanungan.**

**Una, Ang Israel ay isang bansa. Mula ng ito'y maging bansa (gaya ng ipinangako kay Abraham sa Genesis 12:2) hanggang sa wakas ng panahon 'yan ay mananatiling bansa (Jeremias 31:35-37). Hindi pweding magsinungaling ang Dios (Titus 1:2) kaya't Kanyang tutuparin bawat pangako na ibinigay niya sa Israel, kasama na ang kaharian sa lupa ( na matutupad sa isang-libong taon na paghahari- Micas4:1-4; Zacarias 8:23, 14:9+ 16,atb).**

**Ikalawa, ang Iglesia, bilang katawan ni Cristo, ay binubuo nang lahat na kristiano (sa Luma at Bagong Tipan-Efeso 2:19-20, Judio at Gentil- Efeso 3:6). Kaugnay nito, "ang lihim" (Efeso 3:4) na inihayag sa mga talatang binanggit sa tanong na ito ay: ang mga Judio at Gentil na kristiano ay bahagi o kaanib ng ISANG KATAWAN (Efeso 3:6). Ito ang buod ng mga talata at si Pablo ay makikitang may bahagi sa patuloy na pagtatayo ng Iglesia, dahil sa biyaya ng Dios (Efeso 3:7-12). Ito'y katugma ng sinabi ni Cristo sa Mateo 16:18 na "NAIS" Niyang itayo ang kanyang Iglesia.Ang ibig sabihin, ito ay isang gawa na hindi pa natatapos ( at ito'y matatapos pagka ang**

**huling miembro ng Iglesia ay madala na sa loob ng kawan (Juan 10:16). Tutuparin ng Dios bawat pangako na ibinigay sa Iglesia, kasama na ang makalangit na kaharian (Apokalipsis 21:9-27).**

**Ikatlo, ang mga Judiong naligtas ay parte ng bansang Israel dahil sa likas na kapanganakan. Hindi nawawala ang pagiging Judio nila nang sila'y maligtas, tulad ko na hindi nagbabago ni tumitigil man ang pagiging British ko. Ang Iglesia sa panahon ng millennium ( dahil sa "Unang Muling Pagkabuhay"-Apokalipsis 20: 4-6) ay mananatili sa lupa upang magsaya sa kaharian (Daniel 7:27), at yung mga ligtas na Judio na miembro ng Iglesia kasama ang mga miembro ng bansang Israel ay kapuwa makikibahagi sa kaharian (Lukas 22:28-30).**

**Batay sa mga katotohanang ito ang mga sagot ay pranka at tapat. Oo, ang Israel at ang Iglesia ay magkaiba. Oo, bawat isa ay tatanggap ng anumang ipinangako ng Dios sa kanya.**

**TANONG # 17**

**May ilang dispensesyonalista ang nagtuturo, batay sa Mateo 24:12, 13+22 na sa panahon ng Kahirapan ang kaligtasan ay sa pamamagitan ng mga gawa. Totoo ba ito?**

**SAGOT**

**Hindi yan totoo. Malinaw sa Biblia ang IISA AT TALAGANG ISA LANG ang daan ng kaligtasan. 'yan ay sa pamamagitan lamang ng muling kapanganakan (Juan 3:3). 'yan ay sa pamamagitan ng "biyaya", "dahil sa pananampalataya" at talagang "hindi dahil sa mga gawa" (Efeso 2:8-10).**

**Walang kaligtasan na manggagaling sa gawa ng mga tao (Roma 3:20). Tulad ng sinasabi sa Isaias 64:6, "lahat ng ating mabubuting gawa ay gaya lamang ng maruming basahan sa paningin ng Dios. Maraming mga talata ang pweding banggitin upang patunayan ang katotohanang ito.**

**Gaya nang sinabi mo, may ilang dispensesyonalista ang nagtuturo na ang kaligtasan ay sa mga gawa sa panahon ng Dakilang kahirapan. Ang di totoong relihiyon ay nagtuturo na ang kaligtasan ay sa pamamagitan ng gawa sa lahat ng panahon. Mali ang ganyang turo.**

**Ang Mateo 24:22 ay nagsasalita tungkol sa "laman" na maliligtas, kaya't hindi ito nagtuturo tungkol sa eternal na kaligtasan. Patungkol ito sa pisikal na kaligtasan. Ang Mateo 24:11-12 ay tumutukoy sa mga kahirapan at mga paguusig sa panahon ng Dakilang kapighatian na magiging sanhi ng panlalamig ng pananampalataya at**

**susubok sa katunayan ng kanilang pananampalataya. Ang may tunay na pananampalataya ay mananatili, ngunit ang mga hindi tunay ang pananampalataya ay mawawala (1Juan 2:18-19).**

**TANONG #18**

**Sinasabi ng ilang dispensesyonalista na "ang ebanghelyo ng kaharian" ( tumutukoy sa kaharian sa lupa na ipinangako sa mga judio) ay ipinangaral sa mga Judio (Marcos 1:14), ngunit nang itakwil nila si Cristo ang "ebanghelyo ng biyaya" (Gawa 20:24) ay ipinakilala kasama na ang mga Gentil. Totoo ba ito?**

**<u>SAGOT</u>**

**Hindi. Ang ebanghelyo ay may ibat-ibang tawag o pangalan at bawat isa ay ipinakikita ang ibat-ibat aspeto ng ebanghelyo, halimabawa:**

> **Ang ebanghelyo ng kaligtasan (Efeso 1:13) dahil nagdadala ito ng kaligtasan**
> **Ebanghelyo ng kapayapaan (Efeso 6:15) dahil nagbibigay ito ng kapayapaan,**
> **Ebanghelyo ni Jesus Cristo (Marcos 1:1) dahil namatay si Cristo para sa atin**

**At marami pang ibang titulo ang pweding banggitin, ngunit ito'y pareho o iisang lamang na ebanghelyo. Ang titulong "ebanghelyo ng kaharian" ay tama, dahil sa kaligtasan tayo'y naging mamamayan ng kaharian ni Cristo (Colosas 1:13-14). At ang titulong "ebanghelyo ng biyaya" ay tama din dahil naligtas tayo sa biyaya (Efeso 2:8-10). Gayunpaman, ang mga titulong ito ay tumutukoy sa IISANG EBANGHELYO.**

**<u>May mga taong nagtuturo na binago ng Diyos ang kanyang mga plano</u> dahil itinakwil ng Israel si Cristo. Ito'y maling aral. Alam ng Diyos na itatakwil nila ang Cristo. Nakasulat ito sa Isaias 53. Alam ng Diyos bawat mangyayari bago pa ito mangyari (Isaias 46:9-10) kaya't hindi Niya kailangang baguhin ang kanyang mga plano. Ito mismo ang sinasabi ni Santiago kaugnay sa pagpapalaganap ng PANGANGARAL NG ebanghelyo sa mga Gentil (Gawa 15:130-18).**

**Ang "ebanghelyo ng Kaharian" ay mismong titulo na ginamit sa Mateo 24:14 sa pangangaral ng ebanghelyo na magpapatuloy hanggang sa bumalik ang Panginoon.**

**Isa sa mga titulo ng ebanghelyo ay "ang walang hanggang ebanghelyo" (Apokalipsis 14:6) ipinapahiwatig na ito LAMANG ang iisang ebanghelyo PARA SA LAHAT NG PANAHON. Itinakwil ni Pablo ang alinmang ebanghelyo at lahat ng iba pang ebanghelyo dahil ito'y mali at nananalangin siyang sumpain sinumang nagtuturo ng mga ito (Galacia 1:6-9).**

**Nakakatawag pansin na ang titulong "walang hanggang ebanghelyo" ay ginamit sa panahon ng dakilang kapighatian (isang panahon kung kailan ituturo ang maling aral na ang kaligtasan ay sa pamamagitan ng mga gawa).**

**TANONG # 19**

**Sino o ano ang "nakakapigil" o pumipigil na binabanggit sa 2 Tesalonica 2:6?**

**SAGOT**

**Magkasama sa sagot ang SINO (tumutukoy sa isang persona) at ANO (tumutukoy sa isang pangyayari!).**

**Ang New King James na Biblia, sa 2Tesalonica 2: 6, ay nagsasalita tungkol sa "kung ANO ang pumipigil,"sa talatang 6 at sa talatang 7 "SIYA na ngayon ay pumipigil", sa 2 Tesalonica 2.**

**Ang King James na Biblia, ay gumamit ng mga salitang "ANO ang nakakapigil…" sa talatang 6 at "SIYA na ngayon ay pumipigil " sa talatang 7, ngunit ang kahulugan ay pareho lang.**

**Noon pa man nagsalita na si Pablo sa mga taga Tesalonica tungkol sa paksang ito (tingnan talatang 5). Kaya't konting impormasyon na lang ang kailangang niyang idagdag at tiwala siyang mauunawaan nila kung ano ang dapat mangyayari bago lumitaw sa daigdig "ang Tao ng kasamaan" (Ang Hayop), (talatang 6). Sa 1 tesalonica 4:13-18 sinabi niya sa kanila ang tungkol sa pag-agaw o rapture ng mga kristiano at lahat ng mangyayari pagkatapos nito. Ngayon, sinasabi niya sa kanila na ang pag-agaw sa mga kristiano ay hindi mangyayari hangga't ang Hayop o anti - Cristo ay hindi pa lumilitaw sa daigdig (talatang 1-3) at napupuksa (talatang 8). Sa 1 Tesalonica 5:3 sinabi niya sa kanila yung panahong inaakala ng mga tao na ligtas at payapa ang daigdig ay mapapatunayang 'yon ay magiging panahon ng dagliang pagkawasak at nagbabadya "ng araw ng Panginoon" (1Tesalonica 5:2-4). Binigyan niya sila ng warning laban sa pagiging matamlay sa pananampalataya (1Tesalonica 5:6) dahil sa mangyayaring "pagtalikod sa pananampalataya" ng mga nagsasabing sila'y kristiano (2 Tesalonica 2:3 ihambing sa Mateo 24:12, 1 tesalonica 4:1at iba pa) at siya'y nagbigay pa ng karagdagang warning (2 Tesalonca 2:1-5).**

**Kinakausap niya ang mga taong naturuan ng mabuti sa Tesalonica at, dahil dito kailangan nating magkaroon ng kaalaman tungkol sa nakaraan upang maunawaan natin ang itinuturo nito. Ang tinutukoy sa mga talatang 3 hanggang talatang 8 ay ang pumipigil o nakapipigil .Tumutukoy ito sa ANUMANG maaring mangyari bago**

**dumating ang oras ng paglitaw ng Hayop sa daigdig. Kasama dito ang muling pagtatayo ng templo sa Jerusalem na kanyang dudungisan (2Tesalonica 2:4) at pati na yung "iba pang mga tanda ng panahon" na dapat matupad (ito ang pinatutungkulan ng salitang " ANO" ang pumipigil). Kontrolado ng Dios lahat ng mga mangyayari (Siya ang pinatutungkulan ng salitang "SINO" ang pumipigil). Maaaring piliin ng Diyos na siya mismo ang gumawa ng mga bagay o maaari ding gawin niya ang mga bagay sa pamamagitan ng kanyang mga lingkod (maging tao o anghel). Kung gumamit siya ng mga ahente o instrumento sila'y kasama dun sa SINO.**

**Ang paliwanag ni Oswald J Smith sa 2Tesalonica 2:7, na mababasa sa kanyang munting aklat na pinamagatang: Kapighatian o Pag-agaw- Alin sa dalawa? Ay ganito: yung unang salitang "siya" ay tumutukoy sa Diyos, dahil kontrolado niya lahat ng mga bagay at yung ikalawang salitang "siya" ay patungkol sa Hayop o antiCristo sapagkat ang huling bahagi ng talata ay dapat isalin ng ganito: "siya ay dapat mahayag sa kalagitnaan."Ang paliwanag na ito ni Oswald ay naging daan upang isalin ang bersikulo ng ganito: Sapagkat ang lihim ng katampalasanan ay kumikilos na; Diyos lang ang pumipigil hanggang sa ang tao ng kasamaan ay mahayag sa kalagitnaan."**

**Anoman ang maging salin ng talatang ika 6 malinaw ang mensahe ng 2 Tesalonica 2:**

- **Ang pag-agaw o rapture ay hindi mangyayari hangga't ang Hayop ay di pa lumilitaw at napupuksa**
- **Ang Hayop ay hindi lilitaw hangga't di natutupad ang mga hula na dapat unang mangyari**
- **Pagka natupad na ang mga hulang iyon lilitaw na ang Hayop o antiCristo**
- **Sa pagparito ng Panginoon tatapusin niya lahat ng kasamaan at kukompletuhin ang ating kaligtasan**
- **Sa lahat ng ito, tulad nang sa buong plano at layunin ng Diyos, tayo'y magkakaroon ng kaaliwan.**

**TANONG # 20**

**Sinasabi SA 1 Corinto 15:25 at Hebreo 10:13 na ang mga kaaway ay ilalagay sa ilalim ng tungtungan ng mga paa ni Cristo. Tumutukoy ba ito sa isang-libong taong paghahari ni Cristo? Ang mga kaaway bang ito ay mga espiritu o mga tao?**

**SAGOT**

**Sinasabi ng 1 Corinto 15:25 : Sapagkat kailangang Siya (Cristo Jesus) ay maghari, hanggang mailagay Niya LAHAT ng mga kaaway sa ilalim ng kanyang mga paa."**

**Malinaw na sinasaklaw LAHAT ng kaaway maging sila'y "mga pamunuan o mga kapangyarihan" (Efeso 6:12), mga tao (Apokalipsis 20:13) o mga bagay na walang buhay (gaya ng "kamatayan" na binabanggit sa 1Corinto 15:26). Maghahari si Cristo hanggang sa ang huling kaaway ay malupig:**

- **Lahat ng kaaway sa wakas ng panahong ito (Apokalipsis 19:11-21)**
- **Si Satanas at lahat ng mga sumunod sa kanya sa katapusan ng millennium (Apokalipsis 20:7-10)**
- **At lahat nang naroroon sa huling paghuhukom (Apokalipsis 20:11-15)**

**TANONG # 21**

**Ang ikalawang pagparito ba ni Cristo ay pareho ng kanyang unang pagparito, Siya'y paririto at mabubuhay sa lupa?**

**SAGOT**

**Oo. may mga aspeto ng Kanyang una at ikalawang pagparito na pareho. Pero marami ding pagkakaiba sa una at ikalawang pagparito (Gaya ng sinasabi sa Hebreo 9:24-25). Sa Kanyang unang pagparito siya'y dumating bilang isang sanggol at nabuhay nang 33 taon dito sa lupa, itinakwil, upang namatay para sa ating mga kasalanan at nabuhay muli bilang Tagapagligtas at Panginoon. Sa Kanyang ikalawang pagparito darating Siya bilang "hari ng mga hari at Panginoon ng mga Panginoon" (Apokalipsis 19:16), upang itatag ang kanyang isang-libong taong paghahari sa lupa (Apokalipsis 20:4-6), upang maghatol (Apokalipsis 20:11-15) at simulan ang bagong lupa at bagong langit (Apokalipsis 21:1) at upang maghari magpawalang hanggan (Apokalipsis 22:3-5).**

**Gayunpaman, sa iyong mga tuwirang pinupunto, Siya babalik sa Lupa ding ito na kanyang dinatnan sa unang pagparito (Gawa 1:11 at Zacarias 14:4 +9). Maghahari siya sa lupa sa loob ng 1,000 taon (Apokalipsis 20:4-6) bago niya isakatuparan ang mga natitirang mga plano (Apokalipsis 11:16-18).**

**TANONG #22**

**Sa pag-agaw ang mga banal ay dadalhin sa itaas upang salubungin ang Panginoon sa hangin (1Tesalonica 4:17). Bakit pa natin sasalubungin Siya sa hangin kung babalik at bababa din naman tayo sa lupa para sa 1,000 taon na paghahari?**

**SAGOT**

**Nakatira tayo sa isang globo. Si Jesus ay babalik sa isang parte ng globong ito (Zacarias 14:4, ang kanyang mga paa ay tatayo sa araw na iyon sa bundok ng mga**

**Olivo, na nasa tapat ng Jerusalem sa dakong silangan"). Sa 2 Tesalonica 2:1 ang pag-agaw ay sinasabing "pagkakatipon natin sa Kanya". Ang tanging paraan upang ang mga banal mula sa ibat-ibang parte ng daigdig ay matipon kay Cristo, sa isang lugar, ay ang "agawin sila at dalhin sa itaas" gaya ng sinasabi sa 1Tesalonica 4:17 at "samasamang titipunin" tulad ng sinasabi sa Mateo 24: 31.**

**TANONG #23**

**Itinuturo ng mga naniniwala sa dispensesyonalismo na sa pag-agaw o rapture ay magkakaroon ng malaking kaguluhan sa daigdig dahil napakaraming kristiano ang mawawala , maraming eroplano ang mahuhulog dahil wala na ang mga piloto, mga awto, tren at mga malalaking sasakyan ang magbabangaan at mawawasak dahil wala na ang mga driver nito, maraming mga bata ang mawawalan ng mga magulang, atb. Pagdating ng 1,000 taon na paghahari ni Cristo sa lupa paano magkakaroon ng kapayapaan sa mundo tulad ng binabanggit sa panahon ng 1,000 taon na paghahari?**

**SAGOT**

**Mali Ang itinuturo ng mga naniniwala sa dispensesyonalismo na sekretong rapture o pag-agaw sa mga kristiano bago mangyari ang dakilang kahirapan (mga 7 taon bago ang 1,000 taon na paghahari Ni Cristo). Ang pagtakda ng oras ay mali rin at yung inaakala nilang sekretong rapture ay mali din, tulad nang naipakita sa mga sagot sa unang mga tanong. Mali din yung paniniwala na may malaking kaguluhang mangyayari.**

**Ang tanging totoo ay yung pahayag nila na magkakaroon ng kapayapaan sa lupa sa panahon ng 1,000 taon na paghahari (Micas 4:1-4). Masisiguro mo yan.**

**Maghahari si Jesus, tulad nang naipangako (Zacarias 14:9) at ang tatak ng kanyang paghahari ay kapayapaan at hustisya (Isaias 9:6-7).**

**TANONG #24**

**Kailan at saan mangyayari ang paghatol sa mga banal at ang kasal ng kordero?**

**SAGOT**

**Tungkol sa PAGHATOL SA MGA BANAL, ang Panginoon ay babalik sa Lupa (Zacarias 14:4) upang maghari sa lupa (Zacarias 14:9) sa loob ng 1,000 taon kasama ng mga**

**banal (Apokalipsis 20:4-6), kung gayon, ang paghatol sa mga banal ay mangyayari SA LUPA, BAGO ANG 1,000 TAON NA PAGHAHARI. Pagkatapos mahatulan (Mateo 25:30-32, Roma 14:10-12), kanilang tatanggapin ang mga gantimpala sa panahon ng 1,000 taong paghahari sa lupa (Mateo 19:27-30 at 25:14-23 +33, 34, 1Corinto 3:13-15 at 6:2, atb).**

**Tungkol naman sa KASAL NG KORDERO, mangyayari lamang ito pagka ang huling banal ay naligtas na at ANG NOBYA (asawa ng kordero) ay nakompleto na. Kaya't ito'y mangyayari pagkatapos ng 1,000 taong paghahari ni Cristo. Ang huling paghahanap sa aklat ng buhay ng Kordero (para sa pangalan ng mga ligtas) ay mangyayari sa Huling paghuhukom (sa dakila at maputing trono, Apokalipsis 20:11-15), at pagkatapos lamang nito inanyayahan si Juan na makita ang asawa ng Kordero (Apokalipsis 21:9). Lahat nang ito ay nagdala sa akin sa paniniwalang ang kasal ng Kordero ay mangyayari SA BAGONG LUPA PAGKATAPOS NG HULING PAGHUHUKOM.**

**Sa Apokalipsis kapitulo 19, habang ang pagbalik ng Panginoon ay hinihintay ng malaking karamihan sa langit (talatang 1-6) ang mga sumusunod na salita ay naisulat, "Tayo'y magalak at magsaya, at magbigay dangal sa Kanya: sapagkat dumating na ang kasal ng Kordero, at inihanda ng kanyang asawa ang kanyang sarili"(talatang 7). Sa akin ito'y kaparehas ng Apokalipsis 11:16-19 kung saan ang 24 na matatanda ay naghihintay din ng kaparehong pangyayari ( ang pagbalik ng Panginoon) at ang sumusunod na salita ay naisulat: "Pinasasalamatan ka namin, O Panginoon Diyos na makapangyarihan sa lahat, Na Siyang nakaraan, at Kasalukuyan at Darating; dahil kinuha mo ang iyong Dakilang kapangyarihan, at naghahari ka. At ang mga bansa ay nagalit at ang iyong poot ay dumating na at ang oras ng mga patay upang sila'y hatulan, at iyong bigyang gantimpala ang iyong mga aliping propeta, at mga banal, at sa kanila na natatakot sa iyong pangalan, hamak at dakila; at iyong nilipol ang mga sumisira sa lupa"(talatang 17-18). Tulad ng ating nalalaman, lahat ng ito ay hindi mangyayari kaagad pagbalik ng Panginoon. Halimbawa, ang paghatol sa mga patay ay hindi mangyayari hanggat hindi natatapos ang 1,000 taon na paghahari ni Cristo (Apokalipsis 20:5). Hindi isinulat ng magkakasunod ang mga pangyayari (dahil ang mga banal ay gagantimpalaan bago ang huling paghuhukom). Batay dito, Ang Apokalipsis 19:7 ay hindi nangangahulugang mangyayari kaagad ang kasal ng Kordero pagbalik ng Panginoon.**

## TANONG #25

**Paano at Kailan magkakaroon ng kapayapaan at kaligayahan ang mga Judio at Gentil?**

**SAGOT**

**Hanggat hindi bumabalik ang Panginoon, walang katiyakang mararanasan ng mga Judio o Gentil ang kapayapaan sa mahabang panahon. Ang mga kasulatan gaya ng Mateo 24:6-8, Lukas 21:25-26 at 2 Timoteo 3:1-5, ay nagpapahayag ng mga anyo o larawan ng panahon nang kaguluhan habang palapit ang pagbalik ng Panginoon. Gayunpaman, ang mga panahon ng kapayapaan ay darating pagka "Ang prinsipe ng kapayapaan" ay magbalik at kunin ang renda o kapangyarihan ng pamamahala (Isaias 9:6-10).**

**Sa kanyang paghahari (sa 1,000 taon na kaharian) ang Jerusalem ay magiging lugar ng kapayapaan at kaligayahan (Isaias 68:18-25). Ang mga Judio ay magiging maligaya at ang mga Gentil ay makikipagkasundo sa kanila (Micas 4:1-4 at Zacarias 8:23). Maging ang mga unang kaaway, at laging magkakaaway ay magkakasundo (Isaias 19:23-25).**

**TANONG #26**

**May mga taong kayang matitirang buhay mula sa dakilang kapighatian? Kung ayon sa itinuturo ng iba, ang mga kristiano ay dadalhin sa langit pagdating ng rapture o pag-agaw at lahat ng hindi kristiano ay susumpain, dahil sinunod nila ang Hayop at tinanggap ang kanyang tatak, wala nang matitirang tao sa lupa upang magparami sa panahon ng 1,000 taong paghahari.**

**SAGOT**

**Oo, maraming tao ang matitirang buhay hanggang sa matapos ang dakilang kapighatian.Ang katuruan na ang mga kristiano ay dadalhin sa langit pagsapit ng rapture ay mali, tulad ng katuruan na lahat ng tao sa lupa na hindi binago ng Dios bago dumating si Jesus ay dadalhin sa impyerno sa pagbalik niya. Habang pinalalawak ko ang sagot sa tanong na ito, ipaliliwanag ko kung ano ang sa paniniwala ko'y itinuturo ng Biblia tungkol sa mga bagay na ito.**

**May ilang binanggit na grupo ng mga natirang buhay, halimbawa:**

**(i) Binabanggit ng Daniel 7:7-14+19-27 ang huling kaharian sa lupa bago bumalik ang Panginoong Jesus Cristo. Ito'y magtatagal at makararanas ng ilang pagbabago (Gaya ng ipinakita sa Daniel 2:33-35+40-45). Ang "maliit" na sungay sa talatang 8 (ito rin yung binabanggit na "ibang sungay" sa talatang 20) ay ang Hayop at sa panahon ng Dakilang kapighatian siya'y makikipagdigma laban sa mga banal (Talatang 21). At sa wakas ng dakilang**

**kapighatian makikita ang pagbabalik ni Jesus Cristo at ang kanyang paghahari sa lupa (talatang 13-14 at 27). Habang isinasaysay ang lahat ng ito, ang mga talatang 11-12 ay nagtuturo sa atin na pagkamatay ng Hayop ang " natirang bahagi ng Hayop" (ang tinutukoy ay yung ibang kaharian sa daigdig na naging kasama ng Hayop) ay patuloy na mabubuhay (Ang ibig sabihin matitirang buhay hanggang sa matapos ang kapighatian). Malinaw na maraming hindi mga ligtas na tao mula sa maraming bansa ang matitirang buhay sa Dakilang kapighatian at papasok sa kaharian sa loob ng 1,000 taon. Makikita rin ito sa ibang mga kasulatan na tumatalakay sa panahong ito, halimbawa, ang Zacarias kapitulo 14, kung saan ang pagbalik ng Panginoon sa kaluwalhatian, sa katapusan ng Dakilang kapighatian, ay ipinakikita sa mga talatang 1-4, ang paghahari Niya sa lupa ay pinatunayan sa talatang 9 at, bagamat marami ang mamamatay (talatang 12-15) marami pa rin ang matitirang buhay (talatang 16) at ang mga talatang 17-18 ay nagpapakita na maging sa panahon ng 1,000 taon na pagahahari sila ay magiging rebelde. Ang isa pang halimbawa ay ang Micas 4:1-4 kung saan makikita ang maraming mga Gentil " buhat sa maraming bansa", sa panahon ng 1,000 taon ang aahon sa "bahay ng Diyos". Malinaw na ang mga ito ay galing sa dakilang kapighatian o ipinanganak ng mga taong galing doon.**

**(ii) Ang 1Tesalonica 4:17 ay tungkol sa mga kristiano na "buhay at natitira" hanggang sa pagbalik ng Panginoon. Kasama sila sa rapture o pag-agaw na kasabay ng "unang muling pagkabuhay" (1tesalonica 4:16-17, pinalawak ito sa 1 Corinto 15:51-54 at inilagay sa konteksto ng Mateo 24:29-31 at Apokalipsis 19:11-20:6 sa wakas ng dakilang kapighatian). Kaya't ating nakikita na maraming mga kristiano ang matitirang buhay sa panahon ng dakilang kapighatian.**

**(iii) Isinasaysay sa Zacarias kapitulo 12, 13 at 14 ang kalunos-lunos o makabagbag-damdaming karanasan ng mga Judio sa panahon ng Dakilang kapighatian. Marami ang mamamatay (13:8) ngunit marami din ang matitirang buhay (13:9). Ang matitirang buhay ay magsasabi, "Ang Panginoon ay aming Diyos" (13:9 sapagkat sila ay paroroon sa "bukal" ukol sa "kasalanan at karumihan" at kikilalanin nila ang kanilang Mesias pagpakita Niya (Apokalipsis 1:7). Sa ganito matutupad ang mga pangako na ang Israel ay dadaan sa Dakilang kapighatian ngunit sila ay "ililigtas doon"(Jeremias 30:7).**

**Ating nakikita na maraming mga Judio at maraming hindi ligtas na mga Gentil, at mga kristiano ( "mula sa lahat ng bansa, mga lahi at bayan" tulad**

**ng malaking karamihan na binabanggit sa Apokalipsis 7:9-17) ang matitirang buhay sa panahon ng dakilang kapighatian.**

## TANONG #27

**Ipinapahiwatig ba ng 2Tesalonica 2:12 na sa pagbalik ng Panginoon bawat taong hindi ligtas ay mapapahamak magpakailanman at kaagad itatapon sa impyerno? Kung hindi, ito ba'y nangangahulugang meron silang ikalawang pagkakataon? (At kung isipin ng mga tao na pwede silang maghintay sa pagbalik ni Jesus at saka na lamang tanggapin Si Cristo bilang tagapagligtas hindi kaya ito magbunga ng pansariling kasiyahan? o, kawalang interes sa kaligtasan?)**

## SAGOT

**Ito'y importanting tanong at bawat bahagi ay kailangan ang malinaw na sagot.**

**Nakita natin sa mga talatang binanggit upang sagutin ang tanong #26 na maraming mga taong hindi ligtas ang matitirang buhay hanggang sa wakas ng dakilang kapighatian at patuloy na mabubuhay hanggang sa panahon ng 1,000 taon na paghahari ni Cristo. Kayat ang sagot sa unang bahagi ay, "Hindi" sila mapapahamak magpakailanman at hindi itatapon sa impyerno.**

**Gayunpaman, hindi ito nangangahulugang sila'y nagkaroon ng ikalawang pagkakataon. Sa talatang binanggit (2Tesalonica 2:12) sinasabi na, "upang mapahamak silang LAHAT NA HINDI SUMAMPALATAYA SA KATOTOHANAN, bagkus naligayahan sa kalikuan." Ang HINDI PAGSAMPALATAYA sa katotohanan ay nangangahulugang NARINIG MO ngunit ITINAKWIL MO ito. Sa pagbalik ng Panginoon ay maraming maraming tao sa daigdig ang hindi pa nakarinig ng ebanghelyo. Yan ang totoo, bagamat ang ebanghelyo ay "naipangaral na sa buong daigdig" (Mateo 24:14). Noong ako'y bata pa, sa Belfast, Northern Ireland, isa sa mga kasama ko sa trabaho ( higit 20 taon gulang) ang nagtanong sa akin at sinabi ko sa kanya: "ang sagot ay nasa Juan 3:16". Kaagad niyang itinanong "sino si Juan?" Ako'y hindi makapaniwala na sa kanyang gulang, naninirahan sa Northern Ireland, sa panahong ang ebanghelyo ay ipinagaral na sa halos lahat ng lugar ay hindi alam ang mga aklat ng Biblia at hindi pa nakarinig ng ebanghelyo. Ako'y nagkaroon ng katuwaan ng malaman kong ang binatang yun ay naligtas din paglipas ng ilang araw. Ngunit milyones na tao sa daigdig ngayon ang hindi pa nagkaroon ng oras upang tumugon sa ebanghelyo dahil hindi pa nila naririnig ito ( kahit na ito'y ipinangangaral sa**

**kanilang sariling wika). Hindi ka magkakaroon ng ikalawang pagkakataon kung hindi ka naman nagkaroon ng unang pagkakataon.**

**May ibat-ibang paraan ng pagkaunawa tungkol sa paksang ito ng ikalawang pagkakataon. Sa sarili kong pagkaunawa ng ikalawang pagkakataon ito ay ang doktrina na pwede ka pang maligtas pagkatapos mong mamatay. Ito'y Mali gaya ng malinaw na itinuturo sa kwento ng Mayaman at si Lazaro (Lukas 16:19-31- tingnan ang talatang 26), at sa malinaw na salita ng Panginoon sa Juan 8, " kung hindi kayo sasampalataya na Ako'y Siya nga, mamamatay kayo sa inyong mga kasalanan" (talatang 24) at " Ako ay aalis, at inyong hahanapin Ako, at mamamatay kayo sa inyong mga kasalanan: sa paroroonan Ko hindi kayo makakarating" (talatang 21). Pagka inisip ko ang mga nangyari sa akin, naaala-ala kong maraming beses kong narinig ang ebanghelyo bago ko tinanggap si Cristo bilang Tagapagligtas at Panginoon ko. Totoo ito sa maraming tao! Hindi ba natin bibigyan ang iba ng karapatang magkaroon ng unang pagkakataon?**

**Kung ang isang tao ay makarinig ng ebanghelyo at ayaw tanggapin si Cristo ( Ito'y katulad din ng pagtakwil sa ibinibigay ng Diyos na kaligtasan) 'yang taong iyan ay KASAMA ng mga taong mapapahamak ayon sa 2Tesalonica 2:12.**

**Ito, para sa akin, ay nangangahulugang walang lugar para sa kalokohan ng pansariling kasiyahan, O kawalan ng interes sa kaligtasan. Ang tanging panahon na tayo'y ligtas ay pagka inilapit tayo ng Diyos Ama (Juan 6:44). Hindi natin alam kung kailan siya titigil sa pagdala sa atin, kaya't yung taong talagang hangal ang hindi magpapahalaga sa kaligtasan. Hindi kailangan na mamatay tayo o dumating ang Panginoon upang mangyari iyan. Bagamat hindi kailangang tayo'y mamatay para iyan ay mangyari, ang pagkakataon nating maligtas ay nagwawakas sa kamatayan at di natin alam kung kailan ito mangyayari o darating(Lukas 12:20).**

## TANONG#28

**Malinaw sa Filipos 1:21-24 na pagkamatay ng isang kristiano siya'y agad paroroon sa piling ng Panginoon. Kung lahat ng namatay na kristiano ay nasa langit na ngayon at kasama ng Panginoon, sinu-sino ang mga ibabangon mula sa kamatayan sa pagbalik ni Jesus Cristo?**

## SAGOT

**Pagkamatay ng mga kristiano yung kanilang kaluluwa at espiritu ay bumabalik sa Panginoon. Ang katawan ay namamatay at nananatili sa lupa. Sa Gawa 7:54-8.2 nakasulat ang pagkamatay ni Esteban. Nakita niyang bukas ang kalangitan at si**

**Jesus ay nakatayo sa tabi ng Diyos Ama (7:56) at kanyang hiniling na tanggapin ang kanyang espiritu (7:59). Ang kanyang katawan ay inilibing (8:2) at ang katawan ding iyon ang bubuhaying muli, bago na, at nasa anyong walang pagkabulok (1Corinto 15:44).**

**Ipinakikita sa 1 Tesalonica 4: 13-17 kung ano ang mangyayari sa pagbalik ng Panginoon. Sa pagparito ni Jesus ISASAMA niya ang mga kaluluwa at mga espiritu ng lahat ng mga banal na namatay PARA sa kanilang mga katawang muling binuhay. Ang talatang 16 ay nagsasabi, "ang mga patay na nakay Cristo ay muling babangon" (ang ibig sabihin, ang mga katawan nila ay babangon upang muling pag-isahin ang kanilang mga kaluluwa at mga espiritu at maging kompleto). Bilang mga kompletong tao tayo'y may katawan, kaluluwa at espiritu (1Tesalonica 5:23). Ito ang "unang muling pagkabuhay" (Apokalipsis 20:5). Kaagad, pagkatapos muling buhayin ang mga banal na namatay ang mga banal na nabubuhay ay babaguhin at aagawin (1Tesalonica 4:17). Ito ang pag-agaw o rapture.**

**Kaya't Malinaw ang sagot sa iyong tanong. Ang mga katawan ng LAHAT NG MGA BANAL NA NAMATAY ay muling bubuhayin sa pagbalik ni Jesus Cristo.**

**TANONG #29**

**Binasa ko ang Mateo 8:5-12 ngunit ako'y naguluhan tungkol sa dalawang bagay. Una, bakit "ang mga anak ng kaharian" ay itatapon sa kadilimang nasa labas"? Ikalawa, kung may KADILIMANG NASA LABAS meron din bang KADILIMANG NASA LOOB? Sa patuloy kong pagbabasa dumating ako sa Mateo 13:38 at ginamit din doon ang parehong mga salita "mga anak ng kaharian". Ang mga tao din bang ito yung nasa Mateo 8:12?**

**Ang tatlong tanong na ito ay magkakaugnay kayat sila'y hindi ko pinaghiwalay.**

**SAGOT**

**Sa Mateo 8:5-12 pinaghahambing ni Jesus ang pananampalatayang nakita niya sa isang Gentil na lider ng mga sundalong Romano sa nakita niyang kawalan ng pananampalataya sa Israel. Sa pamamagitan ni Abraham nangako ang Diyos sa bansang Israel ng isang dakila at kahanga-hangang hinaharap (Genesis 12:1-3 at 22; 16-18). Pinag-isipan ito ng mabuti ni Pablo sa Roma 3:1-2 at 9:4,5. Bilang mga kaanib nang bansang iyon ang tingin nila sa kanilang sarili ay "mga anak ng kaharian" (ang ibig sabihin, kaharian sila ng Diyos), ngunit, bilang isang bansa, itinakwil ng Israel si Cristo sa una niyang pagparito (Juan 1:11). Ito ang nagtulak kay Cristo na itakwil sila (Mateo 21:42-43). Kaya't ang nangyari yung mga tao dapat sana ay papasok sa**

**kaharian ay itinakwil, ito ang mga taong tinutukoy ng Panginoon sa Mateo 8:12. Ang sagot sa iyong unang tanong ay ito: sila'y hindi nakapasok dahil sa kawalan ng pananampalataya na siyang naging dahilan upang itakwil nila si Jesus Cristo. Walang taong tunay na kabilang sa mga anak ng kaharian ang magwawakas sa kadilimang nasa labas (Juan 8:12 atColosas 1:12, 13).**

**Bagamat hindi ito bahagi ng iyong tanong, may ilang mahalagang bagay na dapat pansinin, na ang pagiging kaanib ng kahariang Diyos ay isang bagay na personal (Juan 3:3). Ang paraan ng kaligtasan ng bawat isa ay pareho o iisa lang (Juan 14:6). At ang kaharian sa lupa na ipinangako kay Abraham at sa kanyang lahi ay tatanggapin ng mga Judiong natitira at matatapat (Roma 11:7).**

**Tungkol naman sa iyong ikalawang tanong, totoo na meron ding PANLOOB NA KADILIMAN. Nagbigay babala si Jesus tungkol sa ating pagka-hilig na umibig sa kadiliman (1Juan3:19). Kung hindi natin susundin Siya (Ang Diyos) yung panloob na kadiliman ay napakatindi ng pagnanasa (Mateo 6:22-23) at gusto ni satanas na lagi tayong ganyan (2Corinto 4:3-4).**

**Tungkol naman, sa iyong ikatlong tanong, ang sagot ay, Hindi. Kung babasahin ang Mateo 13:38 sa konteksto ng talinghaga at ang ibinigay ng Panginoon na paliwanag dito (Mateo 13:24-30 at 36- 43) "ang mabuting binhi" ay "ang mga anak ng kaharian". Sila nga "ANG MGA TUNAY NA ANAK NG KAHARIAN" (sila yung binabanggit na "matuwid" sa talatang 43).**

## TANONG #30

**Sa Apokalipsis 13:8 ay waring sinasabi na bawat tao sa ibabaw ng lupa sa panahon ng Dakilang kahirapan ay sasamba sa Hayop. Iyan ba talaga ang mangyayari?**

## SAGOT

**Anoman ang iyong maging kasagutan dapat ito ay tunay na kasang-ayon ng turo ng ibang bahagi ng Biblia na tumatalakay sa gayunding paksa ( at maraming bahagi ng Biblia ang tumatalakay ng paksang ito).**

**Halimbawa, ang Daniel 7:19-27. Ang "mga banal" na binanggit sa talatang 27 ay nasa lupa sa panahon ng dakilang kapighatian. Marami ang papatayin dahil sa kanilang pananampalataya (ang iba'y matitirang buhay at aagawin sa pagbalik ng Panginoon) ngunit walang sinuman sa kanila ang tatanggap ng tanda ng Hayop at ang pangalan ng bawat isa ay nasusulat sa "aklat ng Buhay ng Kordero".**

**Hindi na natin uulitin, ang sagot sa tanong #26, dito ay binabanggit ang maraming mga Judio, maraming di ligtas na Gentil at maraming kristiano mula sa bawat bansa na natirang buhay sa panahon ng dakilang kahirapan ang papasok sa 1,000 taon na paghahari. Kaya't ang sagot sa iyong tanong ay, hindi.**

**Kung titingnan mo ng mabuti ang Apokalipsis 13:8 ipinakikita na yung salitang "LAHAT" ay may DALAWANG BAGAY NA DAPAT TINGNAN:**

**(i) Sila ay nasa lupa sa panahon ng Dakilang Kahirapan**
**(ii) Wala sa aklat ng buhay ng kordero ang mga pangalan nila**

**Ito rin yung mga taong binabanggit sa Apokalipsis 17:8 na may dalawang pagkakakilanlan.**

**Ang buong sinasabi ng talata (13:8) ay ito: bawat tao sa lupa sa panahon ng Dakilang kahirapan NA TUMANGGAP NG TANDA NG HAYOP AY mapapahamak.**

**TANONG # 31**

**Malalaman ba natin kung sinu-sino ang 144,000 na binabanggit sa Apokalipsis 7:1-8 at 14:1-5 at malalaman din ba natin kung, bilang mga Judio, paglilingkuran nila ang Panginoon sa Israel lamang o sa buong mundo?**

**SAGOT**

**Hindi! Yung sinabi niya yun lang ang alam natin:**

- **Sila ay mga Judio ( 7:4)**
- **Sila ay may bilang na at binanggit na kung saang tribu sila kasama (7:5-8)**
- **"Tinatakan" na sila bilang proteksyon (7:3-4 at 9:14)**
- **Sila ay mga tinubos (9:1-5)**

**Malinaw na sila ay grupo ng mga Judio na maglilingkod sa Panginoon sa paraang napakahalaga sa panahon ng Dakilang kahirapan. Nauugnay sila sa "walang hanggang ebanghelyo" (9:6) kaya't may posibilidad na sila'y mga mangangaral. Gayundin naman, nauugnay sila sa "malaking karamihan" na iniligtas mula sa iba't ibang bansa sa panahong iyon, may posibilidad na ang kanilang ministerio ay pang buong mundo.Nagsisimula ang kapitulo 7 sa pagtawag sa ating pansin tungkol sa "Apat na sulok ng lupa", na maaaring sumuporta sa paniniwalang ang ministerio nila'y pang buong mundo. Gayunman, ito ay mga haka-haka o mga palagay lamang.**

**Ang makilala sila ay hindi na importante sa atin (sapagkat kung gayon, dapat sinabi sa atin ng Panginoon kung sinu-sino sila) ngunit ito'y nagpapalakas sa atin na malamang ang Panginoon ay gagawa sa pamamagitan ng BIYAYA sa panahon ng Dakilang Kapighatian.**

## TANONG #32

**Malalaman ba natin kung sino yung "dalawang saksi" na binabanggit sa Apokalipsis 11:1-13?**

## SAGOT

**Hindi. Ipinalalagay ng iba na isa sa kanila ay si Moises at yung isa ay si Elias ( ang dalawang ito ay napakita na kasama ni Jesus sa bundok kung saan siya nagbagong anyo-Mateo17;1-8) dahil sila'y mga representante ng kautusan at mga Profita. Ang suhistyon ng iba ay sina Enoc at Elias dahil sila'y hindi namatay (bagamat lahat ng tao ay nasa ilalim ng hatol ng kamatayan-Roma 5:12). Tulad din ng 144,000 hindi mahalaga sa atin ang malaman o makilala ang kanilang pagkatao, ngunit nakapagpapasigla sa atin na malaman na ang patotoo at pagiging saksi nila'y magiging hayag sa panahon ng dakilang Kahirapan.**

## TANONG #33

**Sinasabi ng ilang mga dispensesyonalista na ang pagbabalik ng Panginoon ay pweding MANGYARI KAHIT ANONG ORAS. Ikaw ba ay naniniwala na siya ay babalik anomang oras?**

## SAGOT

**Hindi. Nang tanungin ang Panginoon tungkol sa kanyang pagbalik (Mateo 24:3) kanyang sinabi sa kanyang mga alagad na maraming mga bagay ang dapat mangyari bago siya bumalik (Mateo 24:4-31). Ang saklaw o lawak nang inihulang mga mangyayari ay nagpapakita na malinaw sa kanyang mga alagad, sa pananaw ng tao, na mahaba pang panahon ang lilipas, bago siya magbalik. Magkakaroon ng mga digmaan na kasali ang mga bansa at mga kaharian (talatang 5-7) at umpisa pa lamang ito (talatang 8). Ang mga Judio ay magsisipangalat (tingnan ang kaparehong talata sa Lukas 21;24), magkakaroon ng malawak ng pangangaral ng ebanghelyo (Mateo 24:14) at walang katulad na Kahirapan(mga talatang 21-22) at pagkatapos lamang nito babalik ang Panginoon (talatang 29-30).**

**Hindi inasahan ni Pablo na babalik ang Panginoon habang siya ay buhay pa kasi sinabi niya, "ang panahon ng aking pag-alis ay malapit na"(2Timoteo4:6). Sinabi pa niya na natapos ko na ang aking takbuhin at hinihintay ang putong ng katuwiran na ibibigay sa kanya "sa araw na iyon", ito ay nakita niya na mangyayari sa darating ng panahon kung saan may iba pang tatanggap ng gayon (2Timoteo 4:7-8). Nagsalita din siya tungkol sa mga mangyayari pag-alis niya (Gawa 20:29-30).**

**Hindi inasahan ni Pedro na darating ang Panginoon bago siya mamatay, dahil sinabi niya, "di magtatagal huhubarin ko na ang tabernakulong ito"(2Pedro 1:14). Alam na niya ito bago pa man umakyat sa langit ang Panginoon (Juan 21:18-19). Nagbigay siya ng mga katuruan at umasa siyang makakatulong ito sa iba pagkatapos niyang mamatay. Nagsalita siya tungkol sa waring pagkabalam ng pagbalik ng Panginoon, na magiging dahilan ng mga manlilibak o mangungutya upang pagdudahan kung babalik pa nga ang Panginoon( ngunit pinagtibay niya na sa panahong iniukol ng Panginoon, na maaaring tumagal pa ng libong taon , Siya ay darating! 2Pedro 3:3-10).**

**Napatunayan ngang mahabang panahon, sa pananaw ng tao. Ito ay tugma sa parabola ng kaharian ng langit na sinabi ng Panginoon, tungkol sa mga aliping tumanggap ng kanya- kanyang talento (Mateo 25:14-30) doon ay kanyang sinabi, "bumalik ang panginoon pagkatapos ng mahabang panahon" (talatang 19).**

**Hindi ko na mabilang kung ilang beses kong narinig ang mga mangangaral na nagsabi, "Ngayong gabi maaring dumating na ang Panginoon." Yan ay hindi totoo at kailanman hindi magiging totoo hanggat hindi natutupad ang bawat hula na dapat mangyari bago Siya magbalik. Isa sa mahalagang hula na dapat mangyari ay ang paglitaw ng Hayop sa daigdig bago "ang ating pagkakatipon sa kanya (ang pag-agaw) 2Tesalonica:2:1-3).**

**Ginagamit ng ibang mangangaral ang maling aral na ito upang bigyan halaga sa mga hindi kristiano ang pagbalik ng Panginoon. Hindi na kailangan ang maling aral para gawin yan. Sapat na ang katotohanang sabihin natin, sinoman sa atin ang mamatay ngayong gabi, ay pupunta sa Panginoon upang hatulan (Lukas 12:20 at Hebreo 9:27).**

**Ang pagbalik ng Panginoon ay hindi maaaring mangyari kahit anong oras. Yan ay hindi mababago, may takdang panahon (Gawa 17:31),itinakda ang mismong araw at oras(Mateo 24:36) babalik siya pagka lahat ng dapat mangyari ay nangatupad na, maging ang pinakahuling martir (Apokalipsis 6:9-11).**

## TANONG #34

**Tinanong Siya ng kanyang mga alagad, "ano ANG TANDA ng iyong pagbalik" (Mateo24:3). Sa sagot Niya ano sa palagay mo ANG TANDA ng kanyang pagbalik?**

**SAGOT**

**Marahil inisip ng mga alagad na meron talagang ISANG PARTIKULAR NA TANDA na magbabadya ng kanyang pagdating. Ngunit ang ipinakikita, sa kanyang sagot, ay maraming "mga tanda ng panahon" ( salitang na ginamit mismo ng Panginoon sa Mateo 16:3) na MAUUNANG mangyari bago siya magbalik (Mateo 24:4-7 at 11-12), ngunit, habang palapit ang panahon ng Kanyang pagbalik, ang mga tanda ay LALONG MAGIGING PARTIKULAR (Mateo24:14-29). Ang PINAKAHULING TANDA AY ANG PAGPAKITA MISMO NG PANGINOON SA SANGKALANGITAN (Mateo 24:30).**

**TANONG #35**

**Ang tinutukoy bang "henerasyon o lahi" sa Mateo 24:34 ay yung henerasyon na nabuhay sa panahon na ang Panginoon ay nasa lupa, o, yung henerasyon sa panahon ng pagbalik ng Panginoon?**

**SAGOT**

**Ang henerasyong tinutukoy ay yung katutuparan ng lahat ng hula at mga tanda sa huling panahon (Mateo 24:14-34) kayat, malinaw na ang tinutukoy ay yung henerasyon na mabubuhay sa lupa sa pagbalik ng Panginoon. Ang implikasyon ay ito: pagka ang huling grupo ng mga partikular na hula ay matupad na LAHAT nang hula ay mabilis at sunod-sunod na matutupad (sa loob ng isang henerasyon).**

**TANONG# 36**

**Aking narinig sa ilang mga dispensesyonalista na ang "pagkahulog o pagtalikod" na binabanggit sa 2 Tesalonica ay ang pag-agaw o rapture. Posible kaya ito?**

**SAGOT**

**Hindi! Sa pag-agaw tayo'y patungo sa itaas. Ang salitang "pagkahulog o pagtalikod" ay may kahulugang PAIBABA.**

**Ang salitang Griegong "Apostasia" na isinalin sa salitang "pagkahulog o pagtalikod" sa 2 Tesalonica 2:3 ay dalawang beses na ginamit sa Biblia. Ang ibang banggit nito ay sa Gawa 21:21 at isinalin sa salitang "pagtalikod". Malinaw ang kahulugan ng salita sa konteksto nito. Sa 2Tesalonica ang paksa ay "pagbalik ng Panginoong**

**Jesus Cristo at pagkakatipon natin sa kanya" (talatang 1). Sinasabi sa atin ng talatang 3 na ang tao ng kasamaan (ang Hayop) ay LILITAW bago dumating ang Panginoon at sa talatang 8 sinasabi sa atin na pupuksain ng Panginoon ang Hayop sa kanyang pagparito. Ang mga banal ay hindi aagawin (" titipunin sa kanya") hanggat hindi dumarating ang Panginoon. Ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari ay ganito:**

- **Lilitaw ang Hayop sa daigdig**
- **Darating "ang pagkahulog o pagtalikod"**
- **Ang Pagbalik ng Panginoon, aagawin ang mga banal at pupuksain ang Hayop**

**Ang "pagkahulog o pagtalikod" at pag-agaw ay DALAWANG MAGKAHILAWALAY NA PANGYAYARI, yung isa ay dapat mangyari bago matupad yung isa. Kaya't yung interpretasyong iminumungkahi ng mga dispensesyonalista ay imposible!**

**Ang " pagtalikod" ay patungkol sa mga mangyayari sa loob ng mga lokal na Iglesia sa wakas ng panahon, pagka ang "pagibig ng marami ay lumamig"(Mateo24:12) at ang tamang aral ay itinakwil (2Timoteo 4:3-4), ang tunay na kristianismo ay papaltan, na karamihan dito ay mga "anyo lamang ng kabanalan" walang katotohanan (2Timoteo 3:1-5).**

**Ang pag konti ng mga dumadalo sa simbahan at ang paglaganap ng paniniwala na walang Dios sa ibang bansa ay indikasyon ng kasalukuyang "pagtalikod" ngunit ang "pagtalikod" na binabanggit sa 2Tesalonica 2:3 ay higit na nakakahindik.**

**TANONG #37**

**Paano mo ipaliliwanag ang pagiging sikat ng maling aral tungkol sa sekretong pag-agaw?**

**SAGOT**

**Maraming akong tunay at tapat na mga kaibigang kristiano na naniniwala sa sekretong rapture o pag-agaw. Marami ang naniniwala dito dahil itinuro sa kanila na ito'y totoo. Marami sa mga kristiano ang hindi na sinaliksik ang Biblia upang tingnan kung ito ba ay totoo o hindi. Ang iba nama'y tiningnan ang Biblia at sila'y naniwalang may batayan ito.**

**Ako rin naman, ay tinuruan ng mga dispensesyonalista na naniniwala sa sekretong rapture ngunit ng pag-aralan ko ang Biblia dumating ako sa konklusyon na ang rapture o pag-agaw ay hindi lihim, kundi hayag, maingay, at pangyayaring**

**masasaksihan ng maraming tao (1Tesalonica 4:16-5:4, Mateo 24:29-30, Apokalipsis 1:7).**

**Sa aking paniniwala, ito ay popular o kilala dahil itinuturo din ng mga dispensesyonalista na ang pag-agaw sa mga kristiano ay mangyayari bago ang dakilang kahirapan( isa sa maraming maling aral na kaugnay sa kanilang mga aral-Mateo 24:29-30) at ito'y nagdadala sa mga tao sa paniniwalang sila ay makakatakas sa pinaka malupit na kahirapan sa wakas ng panahon.**

**Sa akin, ito'y kabilang sa mga grupo nang nagtuturo sa tao kung ano ang gusto nilang marinig. May awit na nagsisimula sa ganito: Ako ba'y kawal ng krus?" Ang ikalawang bahagi ay nagsisimula sa ganito: dapat ba akong dalhin sa mga ulap na nasa mabulaklak na higaan ng kariwasaan" at ito ang pangako na ibinibigay ng paniniwalang ito. Hindi ako nagtataka sa pagiging sikat nito, at hindi rin ako nagtataka na ito ang paksang madalas pagusapan sa mga komperensyang propetiko ng mga dispensesyonalista**

**Sa kabila ng katotohanang maraming mga tunay, mga ipinanganak na muling kristiano ang naniniwala sa doktrinang ito, sa aking pag-unawa ito ay dapat ituring na "pabula o alamat" upang kilitiin ang "makakating tainga" ng mga taong binabanggit sa 2 Timoteo 4:3-4. Ang maraming nobelang isinulat tungkol dito ay tumpak lamang na tawaging kwentong di totoo.**

**TANONG #38**

**Papaano tayo dapat makitungo sa mga tapat na kristianong naiiba ang paniniwala sa atin tungkol sa pag-iinterpret ng Biblia tungkol sa pagparito ni Cristo Jesus?**

**SAGOT**

**Dapat laging pinakikilos ng pag-ibig ang ating pakikitungo sa kanila(Juan 13:34-35). Patuloy tayong natututo at pwede tayong turuan ng Panginoon sa pamamagitan ng ibang kristiano kaya't makipagtalakayan tayo tungkol sa ating paniniwala sa ibang mga kristiano, sa liwanag ng Biblia, at may kapakumbabaang isulong ang ating kaalaman. Walang taong alam lahat ng mga bagay (1Corinto13:9, "bahagya lang ang nalalaman natin"). Huwag nating isiping lahat ng tama ay nasa atin. Gayunman, dapat nating ibahagi kung ano ang ating pinaniniwalaan nang malinaw, hayag at may katibayan, na binabasa ang mga kasulatan na nagdala sa atin sa ganung konklusyon. Pakinggan natin ng taimtim ang sinasabi ng iba tungkol sa ating**

**konklusyon at pag-aralan natin ang sinasabi nila. Huwag naman tayong maging mahina na ipakita ang talagang mali sa mga paniniwala na inihahayag habang naguusap. At hindi na kailangang sabihin pa, na kung sa kalagitnaan ng pagaaral o paguusap ay nakita mong ilan sa iyong pinanghahawakang paniniwala ay mali, iwaksi mo ang mga ito at sundin mo ang turo ng Biblia.**

**Iwasan natin ang mga mapapait, masasakit at personal na pag-atake at pagkakabaha-bahagi.**

**Lahat nang ito ay inihayag sa Kasulatan kung paano tayo kikilos at makikitungo sa isat-isa.**

**Nakakatulong ang pagoobserba o pagsusubaybay sa kung ano ang mga ginagawa ng Panginoon sa daigdig habang lumilipas ang panahon, sa pag-unawa ng maraming katotohanan tungkol sa pagbalik ng Panginoon. Halimbawa, yung mga naniniwala na tapos na ang pakikitungo ng Diyos sa bansang Israel (kahit malinaw na nakasulat sa Roma 11:1 at sa iba pang mga talata) ay dapat magbago ng kanilang pagiisip nang muling maging bansa ang Israel, sa isang bahagi ng kanilang lupain noong 1948. Nakapagtataka, na iniisip ng marami na nasa gayong paniniwala na walang anumang epekto o bisa ang pagbalik ng natitirang mga Israelita sa kanilang lupain, kayat napakahirap malaman ang pananaw ng mga tao.**

**Ang Gawa 15:1-29 ay isang malinaw na halimbawa nang magandang paguusap. Bawat isa na may mahalagang ibabahagi ay nagsalita (talatang 7, 12 at 13). Anoman ang ginagawa ng Diyos sa daigdig ay pinag-usapan (talatang 7-11). Ang kasulatan ang naging mahalagang gabay (talatang 13-21).**

**TANONG #39**

**May nakikitang ka bang posibilidad na sa dumaraming bilang ng mga tunay kristiano ay magkakaisa sila sa paniniwala tungkol sa mga pangyayaring may kaugnayan sa pagbalik ni Cristo Jesus?**

**SAGOT**

**Oo. Habang papalapit ang pagbalik ng Panginoon ako'y umaasa na sa dumaraming bilang ng tunay na kristiano ay taimtim nilang pag-aaralan ang Biblia,na nauugnay sa paksa. At marahil, habang maraming mga hula ang natutupad maraming mga tao ang iiwan ang maling paniniwala. Ang pagbalik ng Israel, bilang isang bansa, sa isang bahagi ng kanilang lupain, ay dapat ( tulad ng sagot ko sa tanong#38) nagpakonti sa**

**bilang ng mga tao na sumunod sa aral na ang Israel, bilang bansa, ay kapalit ng Iglesia.**

**Tiyak, pagka ang Hayop ay lumitaw sa daigdig (2Tesalonica 2.3) at naki-pagtipan sa mga Judio (Daniel 9:27) ipakikita nito na walang pag-agaw o rapture na sekreto bago mangyari ang dakilang kapighatian, kaya't iiwan ng mga tao ang paniniwalang iyan.**

**Lahat ng ito ay magdadala sa lalong higit na pagkakaisa sa paniniwala tungkol sa paksa.**

**TANONG #40**

**Ang Mateo 24:37-42 ay naglalarawan ba ng pag-agaw o rapture? May kaparehong talata ito sa Lukas 17:26-36.**

**SAGOT**

**Hindi. Kung babasahin ng maingat ang mga talata, makikitang ang mga KINUHA ay yaong mga NAWAWALA, samantalang sa pag-agaw o rapture ang mga " aagawin" ay mga banal(1Tesalonica 4:16-17).**

**Tumutukoy sa panahon ni Noe ang Mateo24:37-39. Ang mga taong "kinuha" ay yung mga nalunod. Si Noe at ang kaniyang pamilya ay yaong mga natira.Kapareho nito ang Lukas 17:26-27.**

**Ang Lukas 17:28-29 ay tungkol sa mga araw ni Lot. Ang mga taong kinuha ay yung mga taga Sodoma.**

**Ang mga talatang binabanggit sa tanong ay katugma sa parabolang sinalita at ipinaliwanag ng Panginoon sa Mateo 13:24-30 at 36-43. Sa pagdating ng Panginoon Kaniyang "susuguin ang kanyang mga anghel, at titipunin nila sa labas ng kanyang kaharian LAHAT NANG NAKAKATISOD AT GUMAGAWA NG KASAMAAN". Malinaw na ito'y HINDI tungkol sa pag-agaw o rapture.**

**TANONG # 41**

**Sa kasalukuyang panahon hindi natin alam kung KAILAN babalik ang Panginoon (Mateo 24:36) at isang kahangalan ang magtakda kung kailan ito mangyayari. Gayunman, darating kaya ang panahon sa hinaharap na malalaman natin, bagamat hindi talaga eksakto, ang panahon ng kanyang pagbalik?**

**SAGOT**

**Tulad ng iyong sinabi, isang kahangalan, sa kasalukuyang panahon, ang ihayag o itakda ang pagbalik ng Panginoon. May ilang mga tao ang sumubok na magtakda ng panahon ngunit sila'y nabigo at naging katawa-tawa ang kanilang mga sarili. Hindi lamang iyan, kundi sila ang naging dahilan para gumawa ang mga tao ng mga bagay nang padalus-dalos, at sa pangkalahatan, ito ay nagbunga ng mapanirang kritisismo laban sa mga tao ng Diyos.**

**Darating ang panahon, tulad ng iyong sinabi,na malalaman natin nang bahagya, kung kailan darating ang Panginoon. Halimbawa, yung mga kristiano na nasa lupa sa paglitaw ng Hayop (2Tesalonica 2:3) at nakipagtipan sa Israel (Daniel 9:27) malalaman nila na halos 7 taon na lang ang layo. Yung mga kristiano na nasa lupa pagka sinira ng Hayop ang tipan sa Israel (Daniel9:27) malalaman nilang halos 3 taon at kalahati na lamang ang layo. Gayunman, laging may elementong di inaasahan o di nalalaman (Markos 13:33-37) at talagang hindi natin malalaman ang ARAW ni ang ORAS ng kanyang pagdating (Mateo 24:44).**

**Ang mahalaga tayo'y handa (Mateo 24:44)**

**TANONG #42**

**Nakikita nang maraming tao ang mga hula tungkol sa pagbalik ng Panginoon ay mahirap unawain. Para sa'yo, bakit kaya ganito ang ginawa ng Panginoon?**

**SAGOT**

**Sa pangkalahatan ang mga hula ay tatak ng Biblia. Ang ibang bahagi ay madaling maunawaan at ang iba ay mahirap. Wala tayong maidadahilan doon sa mga parting madaling unawain (Awit 119:9, Isaias 35:8). Sa mga bahaging mahirap unawain ay kailangang gumugol tayo ng panahon sa pagaaral sa mga ito. Ito'y magbubunga ng pagdadalisay sa atin at bahagi ng proseso sa paglilinis ng Salita ng Dios (Juan 15:3 & 17:17 at Efeso 5:26).**

**Ako'y naniniwalang ito'y sadyang ginawa ng Panginoon upang ilayo tayo sa mga bagay ng sanlibutan. Kung nais nating lumago sa kaalaman patungkol sa mga bagay ng Panginoon kailangan nating humiwalay sa mga bagay ng salibutan, hingin ang tulong ng Dios, at gumugol na panahon sa pag-aaral. Kung ating susundin ang kanyang Plano, tungkol sa bagay na ito, ating masisiguro ang tulong ng Gumawa ng Kasulatan (2Peter 1:21) upang maunawaan ang katotohanan nito (Juan 16:13, 1Juan 2:20).**

**Tungkol sa ilang mga kristiano na mabubuhay sa mga huling araw bago magbalik ang Panginoon ay sinasabi, "ang marunong ay makakaunawa" (Daniel 12:10). Pagsikapan nating mapabilang tayo doon sa mga marurunong" (Juan 7:17).**

## APENDIKS

**<u>Imposible</u> na sa pagsagot sa malawak na hanay ng mga tanong sa paksang ito na hindi gumamit ng ilang mga termino o salita na pang-teleolohiya at pang-relihiyon na mahirap unawain. Inilagay ko sa ibaba ang mga kahulugan ng mga salitang ginamit sa mga tanong at sagot, na maaaring hindi alam ng mga bumabasa. Sa pagbigay kahulugan sa mga salita sinikap kong ibigay sa pamamagitan ng karaniwang pananalita, ang kahulugang ginamit ko sa mga ito.**

**Inihanay ko ang mga salita ayon sa pagksunud-sunod ng alpabeto**

**HAYOP- Ang hayop ay isang tao na isisilang bago dumating ang Panginoon. Siya'y magiging tanyag bilang isang lider sa huling bahagi nang huling kaharian sa daigdig, sa wakas ay magiging pinaka bantog na lider. Kanyang tutuparin ang maraming hula, kasama na ang pagtatanghal sa kanyang sarili bilang Dios. Sa Kasulatan ay binigyan siya ng ilang titulo kasama ang "maliit na sungay"(Daniel 7:8), "ang tao ng kasalanan" at "anak ng kapahamakan" (2Thesalonica 2:3) at, "ang hayop" (Apokalipsis 19:19).**

**MULING KAPANGANAKAN- ang terminong ito ay naglalarawan ng isang tao naging tunay na kristiano. Pagka nakilala ng isang tao na siya ay makasalanan, inaamin na wala siyang magagawa para maligtas, nagsisi sa kanyang mga kasalanan at ipinahayag ito sa Dios at humiling sa Dios na siya ay iligtas-ang taong yan ay ililigtas ng Dios sa pamamagitan ng muling kapanganakan. Ito ay espirituwal na muling kapanganakan na ginawa ng Banal na Espiritu. Ito lang ang tanging paraan para maging kaanib ng pamilya ng Dios ang sinoman at magkaroon ng isang tiyak na dako sa langit. Sa Kasulatan ay binanggit ito sa:Juan 1:11-13, Juan 3:1-8, 1Corinto 12:13, atbp. Yan ang pinakamahalagang bagay na maaring mangyari sayo sa buong buhay mo. Kung hindi mo pa nararanasan ito itanong mo sa iyong pastor ang tungkol dito. Kung hindi mo pa alam kung ikaw ay nakaranas na nito o hindi malaki ang posibilidad na ikaw ay di pa ipinanganganak na muli, dahil binabago nito ang iyong buhay (2Corinto 5:17) at nagbibigay saiyo ng panloob na katiyakan na ikaw ay anak na ng Dios (Roma 8:14-17)at may dakong nakalaan saiyo sa langit (1Pedro 1:3-5).**

**NOBYA- Ang "nobya ni Cristo" ay ANG IGLESIA, tinatawag ding "asawa ng Kordero"**

**IGLESIA o SIMBAHAN- ang Iglesia ay ang buong bilang ng mga banal bilang isang grupo. Binubuo ito ng LAHAT NA MGA BANAL sa bawat panahon at bawat bansa. Tinatawag ito sa Kasulatan sa maraming pangalan, halimbawa, "ang katawan" na ang ulo ay si Cristo (Efeso 1:22-23), ang "sambahayan ng Dios" (Efeso 2:19), isang**

**"banal na templo" (Efeso 1:21), isang "banal na pagkapari" (1Pedro 2:5), isang "banal na bansa" (1Pedro2:9), isang "kawan" (Juan 10:16),atbp. Ang salitang Iglesia (pang isahan o maramihan) ay ginagamit din sa Kasulatan bilang isang local na kapulungan tulad ng mga Iglesia sa Apokalipsis 2 at 3, na itinanong sa tanong#13, ngunit pag ang banggit ay "ANG" Iglesia patungkol ito sa katawan ni Cristo.**

**KONKORDANS- isang aklat na naglalaman ng listahan/talaan ng mga pangunahing salita sa Biblia, nagbibigay kahulugan at ipinakikita kung saan ang mga ito binanggit o ginamit.**

**DISPENSESYONAL- Isang paraan o sistema ng pagpapaliwanag ng Kasulatan na ipinalalagay na ibat iba ang paraan ng pagkilos ng Dios sa mga Tao sa ibat ibang panahon. Halimbawa, sinasabi ng Juan 1:17, "Sapagkat ang kautusan ay ibinigay sa pamamagitan ni Moises, ngunit ang biyaya at katotohanan ay dumating dahil kay Cristo Jesus." SA INTERPRETASYON NG MGA DISPENSESYONALISTA ang ibig sabihin nito may "DISPENSASYON" na "ANG KAUTUSAN" ang batayan ng pakikitungo ng Dios sa sangkatauhan, ngunit ngayon tayo'y nasa " DISPENSASYON" ng "BIYAYA" at nakikitungo ang Dios sa sangkatauhan sa pamamamagitan ng biyaya. Ito ang dahilan kung bakit ang isang DISPENSESYONALISTA ay naniniwala na ang " ebanghelyo ng Biyaya" ay para sa kasalukuyang "DISPENSASYON". Meron silang ibat- ibang ebanghelyo sa ibat-ibang "DISPENSASYON".**

**Ang sistemang ito ng interpretasyon ay hinahati-hati ang lahat ng panahon sa "dispensasyon". Si Doctor Scofield, isang kilalang dispensesyonalista,ay bumabanggit ng pitong dispensasyon (panahon ng walang kasalanan/ panahon ng konsiyensya/panahong sibil na gobyerno/panahon ng Pangako/panahon ng Kautusan/ panahon ng Kaharian/ panahon ng Biyaya) at nagsasabing ang bawat isa ay " bahagi ng panahon kung saan sinusubok ang tao tungkol sa pagsunod sa isang particular ng kapahayagan ng kalooban ng Dios." Ang mga huling dispensesyonalista ay bumabanggit ng higit pa sa pito**

**NAPIPINTO/NALALAPIT- Higit sa lahat ang gumagamit ng salitang ito ay dispensesyonalista, upang ilarawan ang pagbalik ng Panginoon. Kanilang nakikita na may dalawang bahagi ang Kanyang pagbalik at naniniwala silang ang unang bahagi ay pweding kaagad, o "KAHIT ANONG ORAS". Ang paniniwalang ito ay pinapaniwala kayo na walang propesiya o hula na dapat matupad bago magbalik ang Panginoon. Iyan ay itinuro mahigit 100 taon, kahit na maraming hula ang natupad sa panahong yaon.**

**MGA JUDIO- ginamit ko ito patungkol sa buong Bansa ng Israel**

**KORDERO- ginamit it okay Cristo Jesus, tinatawag siya sa Kasulatan bilang "kordero" (Apokalipsis 5:6) at "kordero ng Dios" (Juan 1:29).**

**MILENYO/LIBONG TAON- Ginagamit ang salitang ito sa isang libong taon na paghahari ni Cristo Jesus sa Lupa sa kanyang pagbalik (Apokalipsis 20:4-6). Ang bahaging ito ng Kanyang paghahari ay tinatawag na ISANG LIBONG TAON NA KAHARIAN.**

**PAG-AGAW/RAPTURE- ito ang tawag sa mararanasan ng mga banal sa pagbalik ng Panginoon (1Tesalonica 4:16-17). Hindi ginagamit ang salita sa Kasulatan. Galing ito sa salitang Latin na "rapere" (ang ibig sabihin, hulihin, agawin at kunin) na pinaniniwalaang ito'y katumbas ng salitang Griego na "Harpadzo" (isinalin sa salitang "agawin" sa 1 tesalonica 4:17).**

**ANG "SEKRETONG PAG-AGAW" ay aral ng mga DISPENSESYONALISTA na naniniwalang ( ayon sa naituro sa akin bilang batang mananampalataya) ang Panginoon ay babalik nang hindi nalalaman, pweding mangyari kahit anong oras, hindi mapapansin ng mga hindi kristiano (liban sa epekto nito),mangyayari bago ang dakilang kapighatian, upang dalhin ang isang grupo ng mga banal ( yung mga naligtas sa pagitan ng araw ng Pentecostes at sa sekretong pag-agaw) sa langit, bilang nobya Niya.Naniniwala silang babalik Siya kasama ang grupong ito, pagkatapos ng dakilang kapighatian.Sila ay naniniwala na ang ibang mga banal ( yung nasa Lumang Tipan, yung mula sa dakilang kapighatian at yung sa panahon ng 1000 taon na paghahari) ay hindi kabilang sa IGLESIA.**

**BANAL- ang banal ay isang taong makasalanan na naligtas dahil sa biyaya (Roma 1:7)**

**KASULATAN- ang mga aklat ng Biblia (lalo na yung nasa King James Version) (Lukas 24:27+44-45, 2Timoteo 3:16, 2Pedro 3:16).**

**TATAK- ang salita ay ipinakikita kung paanong tinatatakan ng Dios ang Kanyang bayan bilang Kanyang pag-aari ( ihambing ang Apokalipsis 7:3 sa 14:1)**

**KALULUWA -ang mga tao ay may tatlong bahagi: ANG KATAWAN, KALULUWA AT ESPIRITU (1Tesalonica 4:23) Ang katawan ay pisikal na bahagi at ang kaluluwa at espiritu ay espirituwal na bahagi. Pagkamatay pisikal ang bahaging espirituwal ay humihiwalay sa katawan. Para sa kristiano, ang kaluluwa at espiritu ay pumupunta sa Panginoon (Filipos 1:23, Gawa 7:59 at Apokalipsis 6:9). Ang KALULUWA ay yung parte mo na nagpapaliwanag na ikaw ay isang tao (Genesis 2:7)**

**ESPIRITU- yung ESPIRITU mo ay bahagi mong nagtataguyod ng pakikipag-ugnayan sa Dios (Roma 8:16)**

**SINOPTICA - salitang ginamit upang ilarawan ang mga nakasulat sa tinatawag ng mga Ebanghelyo ni Mateo, Marcos at Lukas dahil ibinibigay nila ang SINOPSIS (maikling kasaysayan) ng buhay ni Jesus ( sa lupa, sa una Niyang pagparito).**

**KAPIGHATIAN- salitang patungkol sa kahirapan (1Tesalonica 3:4). Ang terminong DAKILANG KAHIRAPAN ay ginagamit tungkol sa pinaka masamang panahon ng kahirapan sa daigdig na mararanasan ng sanlibutan (Mateo 24:21). Mangyayari ito sa darating na panahon.**

**Augst 9/13**